


# ANG BATAYAN

 Nakakagalak na maparito sa umagang ito at upang marinig ang pangangaral na ito, habang parating ako sa entablado. Pagpaumanhin ang pagkahuli, datapuwa't ang maysakit sa likuran doon sa labas, at ang mga kotse, tila ambulansiya, at—at kinailangan kong abutan yaong mga hindi makapasok (nakita n'yo?) bago ako makapasok.

<sup>2</sup> Ngayon, iniisip ko kung ang kapatid na babaeng may dala sa—sa munting bata, kung hindi siya makakabalik mamayang hapon. Nais ko ring mangaral mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Kung hindi siya makakabalik para sa pag-aalay mamaya (habang ako'y nakatayo ng matagal sa pagkakataong ito), buweno, sabihan siya na—maaari na niyang dalhin dito ang bata ngayon. Datapuwa't kung magagawa niyang bumalik sa—nitong—mamayang gabi, magiging mas mabuti ito para sa amin. Ngunit hayaan siya kung ano man ang maaari niyang gawin; anuman ang kaparaanan nito. Aba, kung hindi siya makabalik, dalhin na natin ang munting bata ngayon para sa pag-aalay. At ngayon, lahat nito. . . Habang ako'y nangungusap, kung nais na niyang pumarito ngayon at—ito na ang magiging pagkakataon. . .

<sup>3</sup> Ngayon, mamayang gabi ay mayroong napaka bukod-tanging. . . Ako—nais kong mangusap sa paksa mamayang gabi, isang propetikong mensahe tungkol sa *Ginoo, Ito Na Ba ang Oras?* [Ang Binigkas na Salita Bol. 2 Blg. 11—Pat.] Kaya, kung loloobin ng Panginoon, nais kong mangusap tungkol sa paksiang iyan mamayang gabi: *Ito Na Ba Ang Oras, Ginoo?*—o *Ginoo, Ito Na Ba Ang Oras?* pala. At pagkatapos, nais kong kunin ang pagkakataong ito sa presensiya ng iglesia, na. . . Nagkaroon ng maraming bagay na naganap sa nakalipas na ilang araw na tumuturo sa isang—isang dakilang bagay na hindi ko nauunawaan. Datapuwa't tayo ay—tayo'y laging. . . Ang mga gawi ng Diyos ay hindi maarok ng tao, kaya kailangang lumakad lamang tayo sa pananampalataya. Kung may makapagpapaliwanag sa Diyos, kung magkagayo'y hindi na kakailanganin pa nito ang pananampalataya, dahil iyong—alam mo na ito. Datapuwa't tayo'y lumalakad lamang sa pananampalataya.

<sup>4</sup> At sa umagang ito naisip kong susubukan kong magdaos lamang ng isang karaniwang pang-ebanghelyong gawain, dahil. . . Medyo nagbago ang isip ko nang dumating ako rito at nakita ko ang napakaraming nakatayo, at matagal nang naghihintay. At pagkatapos, mamayang gabi, marahil ay—mas kaunti rito, at kung magkagayon ay maitutuloy ko na ito, kung ano ang nais kong sabihin.

<sup>5</sup> Isang bagay na nais kong ianunsiyo, habang karamihan sa kanila ay magkakasama—marami sa inyo ang magkakasama, ito’y isang bagay na aking—iniwasan kong ianunsiyo ito sa nakaraang dalawang linggo; iyon ay ang, inyong mga panalanging dininig na tungkol sa kaso ko sa buwis na ikinaso sa akin ng pamahalaan. Ito’y naayos na. At kaya kami ay. . . Ito’y—Ito’y tapos nang lahat ngayon. Tulad ng nauunawaan ng marami sa inyo, ang ikinaso nila sa akin ay ang mga tsekeng iyon na isinulat para sa kampanya; at gayon man, pinipilit nilang sabihing sa akin ang mga iyon doon at nais nila akong pagmultahin ng tatlong daan at limampung dolyar dahil personal ko raw na pag-aari iyon. At ito ay hindi naman; iyon ay sa kampanya. At alam ng iglesya ang tungkol diyan; lahat kayo’y nakakaalam tungkol dito.

<sup>6</sup> At sa huli, humantong sila sa isang dako na. . . (Bibigyan ko lang kayo ng maikling paglalahad kung ano’ng nangyari.) Inabot sila ng mula tatlo hanggang limang taon halos (maglilimang taon na, palagay ko), sa kaso, papunta at pabalik, at pagkatao, at lahat ng bagay. Datapuwa’t ako’y lubos na nagpapasalamat na wala silang masilip na anuman laban sa akin, kaya’t hindi nila ako maihabla ukol dito. Kaya’t wala silang anumang maihabla, ang sabi lang nila, ang akin lamang—ang kamangmangan ko, marahil. Datapuwa’t dahil sa hindi pagkakaalam tungkol sa batas, dinala nila sa akin ang mga tseke; at pinirmahan ko ang mga iyon, inilagay ko ang pangalan ko sa mga iyon inilagay ang mga iyon sa kampanya. Subali’t gayunpaman, hangga’t aking inilagay ang aking pangalan sa mga iyon, sila ay akin. Nakita n’yo? Kahit anupa. . . . Sabi, “Iya’y napakainam para sa iyo na—tulad niyan, subali’t sa iyo ang mga iyon, at pagkatapos ibinigay mo ang mga iyon sa iglesya. Subalit kaagad-agad pagkalagay mo ng iyong pangalan dito, sa iyo na ito; kahit sa anupaman ang mga iyon nakapatungkol, ang mga iyon ay sinulat sa iyo.” Kaya, at kung nailagay sana ang mga iyon sa—may naglagay doon ng “personal na kaloob,” naging maayos sana ito; ngunit isinulat lamang nila na *William Branham* (kita n’yo?); at nang ilagay ko ang pangalan ko dito, ito-iyang tumapos nito; iyon ang lahat ng ito. Kaya sila ay. . . . At pagkatapos kasama ng panalangin. . . .

<sup>7</sup> At pagkatapos hindi pa katagalan ang nakakaraan, alam n’yo, sila—nagkaroon ako ng pangitain na isang napakalaking, maitim, umuusok, maagiw, makaliskis (tulad ng isang buwaya) na tao na dumarating papalapit sa akin na may mga daliring bakal. Mayroon akong isang maliit na kutsilyo, tulad niyan, at taglay niya sa kanya ang *Pamahalaan ng Estados Unidos*. At wala akong anumang makakatulong, wala akong kalaban-laban; at pagkatapos ang Panginoon ay dumating sa eksena, at iyon ay nalupig. At maaalala n’yo ako na sinasabihan kayo niyan matagal na.

8 At sila'y nag-alok ng kompromiso noong isang araw. At ang abogado ko, si Ginoong Orbison sa New Albany, at ang Ice & Miller sa Indianapolis sa kaso sa buwis ay tumawag sa akin at ang sabi sa 'kin, "Pumarito ka." At ako'y pumaroon, si Kapatid na lalaking Robertson, at ako, at ang aking maybahay, at ang mga katiwala ng iglesya rito, at lahat kami; pumaroon kami, at sinabi nila sa amin na sila ay—ang pamahalaan ay handang makipagkompromiso.

9 At sabi ko, "Ako—kung nagkautang ako kaninuman ng anuman, babayaran ko sila. Ngunit ako—gagawin ko ang aking makakaya, ngunit," sabi ko, "Hindi ko pagkakautang iyan." At kaya sabi ko, "Ako—ako—ito'y... Tapatan, alam ng Diyos. At bakit hindi nila ako ihabla kung ako'y nagkasala?" Sabi ko, "Limang taon na ang ginugol nila para sikaping gawin iyon, ngunit wala silang makitang anuman upang gawin nila 'yon." Kaya sabi ko, "Hindi, ako—hindi ko talaga babayaran ito malibang ito'y mapatunayang pagkakautang ko."

10 At pagkatapos, pinapasok ako ng abogado, at kinausap ako, at sabi, "Ngayon, maaari nating dinggin ang kaso. Didinggin ito ng pamahalaan." At sabi, "Kapag ginawa nila ito, ang tanging bagay na masisilip nila laban sa iyo na ikaw ay..."

11 Ang aking—ang... Ang paraang ginawa ko ito; Hindi ko lamang... Wala akong anumang nalalaman sa pag-iingat ng mga aklat, kaya't ginawa ko na lamang ito sa paraang naisip ko ay matapat. At iyon ay—iyon ay hindi naibangko kailanman sa aking pangalan; lagi itong naibabangko sa pangalan ng iglesya, sa kampanya, at iba pa. Kita n'yo? Kaya't iyon ay walang anuman na magagawa ko tungkol dito.

12 At ako... Sabi niya, "Buweno, handa silang makipagkompromiso sila sa halagang labing limang libong dolyar, na may multang sampung libong dolyar"; at ang upa sa abogado ay labing limang libo. Umabot ako sa apatnapung libo. At kaya nga, pagkatapos ay nanghihingi pa sila ng lima pa, sa palagay ko'y ganoon na ito ngayon, kaya ako'y nagpunta... Sabi ko, "Saan sa mundo ako makakakuha ng apatnapunglibong dolyar?" Sabi ko, "Alam n'yo ang libreta ko sa bangko rito, naglalaman ng isandaang dolyar at baka hindi pa nga umabot." Sabi ko, "Saan ako kukuha ng mahigit na apatnapunglibong dolyar?" At sabi ko, "Wala akong maipreprenda; Talagang wala ako nito. Iyon lang."

13 At sabi niya, "Ginoong Branham," sabi niya, "ganito iyon: Kung ipadidinig natin ang kaso," sabi, "walang dudang maipapanalo natin ang kaso." Sabi niya, "Ngunit heto ang sa—ang... Maipapanalo natin ito, dahil ganito ang gagawin ko. Igigiit nilang lahat na iyon ay sa iyo, dahil inilagda mo ang pangalan mo roon. At sasabihin nilang sa iyo iyon, bagama't

nakabangko iyon sa pangalan ng kampanya, sa iglesya, sa Kampanyang Branham, at bukod doon ay sa iglesya pa.”

<sup>14</sup> At ni minsan hindi nila nasumpungan na gumastos ako ng kahit isang sentimo sa aking sarili. Iyan ang katotohanan; alam ng Diyos! May isang lalaking nakaupo ngayon dito mismo, nakasama ko mismo sa mga panahong iyon. Walang kahit isang sentimo akong ginastos para sa aking sarili. Lahat ng iyon ay para sa Kaharian ng Diyos, saan man, bawa’t tseke, lahat ng iba pa.

<sup>15</sup> Datapuwa’t nakita n’yo ba ’yon? Ngunit hindi na iyon mahalaga. Iyon ay—Ako—iyon ay ipinagpalagay na akin muna at pagkatapos, sa iglesya, sa kampanya. At may paraan sila ng paggawa nito, alam n’yo, lahat ng uri ng palusot ay magagawa nila. Kaya pagkatapos sinabi ko, “Buweno, ako’y—sadyang hindi ko gagawin iyon.”

<sup>16</sup> At sabi niya, “Buweno, kung maipapanalo natin ang kaso sa ganoong paraan, dahil ako’y—idedeklara kong ang mga iyon ay mga personal na kaloob. (Kita n’yo?) Idedeklara ko iyon, sa pamahalaan, na mga personal na kaloob.” At sabi, “Kung magkagayon, kapag ginawa ko iyon, lahat ng lalampas sa sampung libong dolyar ay magiging mana; at kung magkagayon, babalik ka na naman sa dati, at aabalihin ka na naman nila ng limang taon sa kasisiyasat nila sa lahat ng mga iyon.”

<sup>17</sup> Kita n’yo? Kapag gumawa ka ng tseke, dadaan ito sa clearing house; pinopotostat nila, kinokopya ang tsekeng iyon. Siyempre, nasa akin din ang lahat ng tseke, na tinunguhan nito.

Kaya sabi nila, “Doon ka na naman nila dadalhin.” At sabi niya, “Isa pa, G. Branham, oras na ipatawag ka ng pamahalaan, tulad niyan, at paimbestigahan, kahit ano pa ang gawin mo, sa mata ng publiko ikaw ay isang mandaraya.” Kita n’yo? Pero iyon lang.

<sup>18</sup> Tingnan itong munting ministrong Baptist dito sa Mississippi. Ang munting taong iyon . . . Isang babae ang nagsabi na dumating daw siya at ininsulto siya. At ang lalaking iyon ay nagdala ng mga ebidensiya mula sa buong bansa at sa lahat ng dako (ni wala nga siya sa lungsod maraming araw bago sumapit ang araw na iyon, o maging noong sumunod na araw), kaya gusto ng huwes na balikan niya ang babae ng pang-iiskandalo. Sabi niya, “Hayaan na lang siya.”

<sup>19</sup> At nang iyon ay imonitor at ilagay sa pagsusuri sa buong bansa, alam n’yo kung ano ang nangyari? Pitumpu’t limang porsiyento ng mga Amerikano ang nagsabi, “Pag may usok, may apoy.” At ang aba at kawawang taong iyon (inosenteng-inosente talaga na tulad ko o ninuman) magdurusa siya dahil dito nang habang-buhay, samantalang wala naman siyang kinalamang anuman tungkol dito.

20 Sumama ang pakiramdam ko, ng ilang panahon, sa pag-iisip na itinaya ko ang buhay ko sa Kaharian ng Diyos upang sikaping gawin (kita n'yo?) ang mga tao na magbayad sa inyo ng buwis, at gumawa ng mga bagay, at gawin ang tama, at para yaong mga masasamang tao ay maging mabuting tao, at pagkatapos ay palalabasin pang ako mismo ang masama.

21 Naisip ko, “Ano ba ang nagawa ko?” At pagkatapos ay dumating iyon sa akin, at tiningnan ko ang Biblia. Bawa't tao sa Biblia, walang napuwera, na nagkaroon ng ispirituwal na tungkulin, kung hindi sila makuha ni Satanas sa mga moralidad o isang bagay, ang pamahalaan ang humuhuli sa kanila. Baliknan saan man ninyo naisin, lahat ng daan pababa— si Moises, si Daniel, ang mga anak na Hebreo, si Juan Bautista, si Jesus Cristo (namatay dahil sa pamahalaan—pinakamabigat na parusa), si Pablo, si Pedro, si Santiago ang Dakila, si Santiagong 'Di-Gaano, bawa't isa sa kanila ay namatay sa ilalim ng pamahalaan, sapagkat ito ay, bawat pamahalaan ay pinangangasiwaan—luklukan ni Satanas. Sinabi iyon ni Jesus; ang Bibliya ang nagsasabi nito. Kita n'yo?

22 Bawat pamahalaan ay kontrolado ng diablo. May darating na isang pamahalaan na kontrolado ni Cristo; ngunit iyon ay sa Milenyum. Ngunit ito—ang mga pamahalaang ito ngayon, kahit gaano pa kahusay ang palagay natin sa kanila, ganoon pa man sa likod nila sila'y—sila'y pinangingibabawan ni Satanas. “Ang mga kahariang ito,” sabi niya, “ay akin; ginagawa ko sa kanila ano mang aking naisin. Ibibigay ko ang mga ito sa iyo, kung sasambahin mo ako.”

23 Sinabi ni Jesus, “Lumayo ka, Satanas! Ang Panginoon ang sambahin mo, at Siya lamang ang dapat mong paglingkuran.”

24 At nang magkagayo'y pinanghinaan ako ng loob (nakikinig sa akin ang asawa ko); Umuwi ako at sabi ko, “Hindi, ginoo! Ako—kung utang ko iyon, babayaran ko iyon. Hindi ko utang iyon, at sadyang hindi ko babayaran iyon. Iyon lang.” Sabi ko, “Papaano kong babayaran iyon sa anumang paraan?”

25 Kaya umuwi ako at sabi ko, “Meda, hilamusang mo ang mga bata, ihanda mo ang mga damit nila; aalis ako.” Sabi ko, “Ni hindi nila. . . Lahat, ito's sadyang baligtad.” At sabi ko, “Ano ba ang nagawa ko? Sabihin mo sa akin!” At sabi ko, “Mantakin mo, ako apatnapung libong dolyar? Whew! Hindi mo alam kung gaano kalaki ito para sa akin!” At pumasok siya gaya ng dapat gawin ng isang butihing asawa, sabi. . . sabi ko, “Aalis ako!”

26 Sabi niya, “Sa palagay mo kaya ay may mabuting magagawa iyan? Naipanalangin mo na ba iyan?”

27 Naisip ko, “Buweno, marahil ay dapat akong manalanging muli.” Pumasok uli ako, at tila may sinabi Siya sa aking isang Kasulatan. Nais nating laging tingnan ang Kasulatan, kung ano ang ginawa ng Diyos tungkol dito. Nakita n'yo?

28 At isang araw ay naitanong sa Kanya, alam n'yo, tinatangka na—tinatangka na paratangan Siya sa pamahalaan; sabi nila, “Marapat ba para sa ating mga malayang Hudyo na magbigay ng parangal o buwis kay Cesar?”

29 Sabi Niya, “May pera ka ba?” Sabi, “Kaninong larawan ang naririyang?”

30 Sabi, “kay Cesar.”

31 Sabi, “Kung gayo’y ibigay n’yo kay Cesar ang mga bagay na ukol kay Cesar, at sa Diyos ang mga bagay na ukol sa Diyos.”

32 At naisip ko iyon; binuklat ko ang Biblia at binasa iyon. Naisip ko, “Tunay, Panginoon, iya’y tama! Ngunit hindi ito kay Cesar; ito ay sa Iyo, hindi ito kay Cesar. Kung sa akin lang sana iyon, at ako’y—kailangang magbayad pa ng buwis o ano man, buweno iba sana ’yon. Na—kay Cesar iyon, pero ito—ito ay sa Iyo. (Kita n’yo?) At ito—ito’y hindi para kay Cesar sa simula pa man.”

33 Alam n’yo, Siya’y may kasagutan sa Salita. Bumasa lamang ako ng bahagya pa, at sabi Niya, “Sabihin, Simon, di ba’t—hindi ba’t may sima ka ng isda sa iyong bulsa? (Kita n’yo?) Lagi kang may dalang sima ng isda at tansi. At kadeposito ko pa lang kaninang umaga sa bangko ng mga isda doon sa—sa ilog, alam n’yo.” Sabi, “Siya—nagdeposito ako, at tiyak namang ibibigay ng bankero ano man ang hawak niya. Pumaroon ka lang at ihagis mo ang sima sa ilog; at pag-ahon mo sa pampang, buksan mo ang bibig niya (kita n’yo?), at siya’y—siya’y magluluwa ng barya. Huwag natin silang tisurin. Huwag maghatid sa kanila ng katitisan. (Kita n’yo?) Bayaran mo iyon, Simon; iyan ay para sa Akin at sa iyo.”

34 Naisip ko, “Tunay po, Diyos, marami Kang mga bangko ng isda at lahat ng iba pa sa buong bansa. Hindi ko alam kung paano ito maisasagawa.”

35 Datapuwa’t pumaroon kami; isinama ko ang mga kapatirang kalalakihan dito sa iglesia, na gumarantiya sa aking bayarin. At gumawa ako ng kasulatan, nakakuha ako ng apatnapung libong dolyar, at binayaran ko iyon. Umuwi ako; nais kong malaman kung babalikan na naman nila ako dahil sa paraan ng pagkakasulat ko ng tseke. Sabi ko, “Ito’y magpapatunay na malayo na ako sa pagbabayad ng lahat ng aking buwis.” . . . ? . . . mag-endorso niyon, tiyak na magkakaproblema sila pagkatapos niyon.

36 Paulit-ulit kong tinawagan ang bangko upang malaman kung gagawin nila iyon, at sa huli ay sinabi ni Bob sa akin; sabi niya, “Billy ginawa na nila.”

37 At pumasok ako at niyakap ang aking asawa; sabi ko, “Honey, malaya na ako!”

38 Anong sarap ng pakiramdam ng pagiging malaya. Kaya mababayaran ko na iyon ngayon (pinagaan nila ito ng husto para

sa akin), mababayaran ko ito ng apat na libong dolyar bawat taon. Ngayon, ako—hindi na ako maaaring magpahiga-higa pa, mga kaibigan; kailangan kong lumabas at magtrabaho. Kaya ako—ako. . . Aabutin ako nito ng sampung taon para mabayaran ito at—kung—kung ang—kung hindi pa darating si Jesus. At kapag iyang—kapag dumating Siya, lahat ng pagkakautang ay bayad na kung gayon kahit papaano, kita n'yo. At kaya—kaya umaasa ako na kayong lahat, Ako. . . Ang mga panalangin n'yo (at mamayang gabi ay ipagpapatuloy ko ang tungkol sa isang bagay na may kaunting kinalaman diyana), datapuwa't ang mga panalangin n'yo ang totoong tumulong sa akin. Maraming salamat sa inyo. Pagpalain kayo ng Diyos. Kahit saan kami makarating, hinding-hindi ko malilimutan iyan.

<sup>39</sup> Mamayang gabi, kung loloobin ng Diyos, nais kong sabihin ang ilan sa mga katotohanan na alam ko, at tiyaking makakaparito. Ngayon, alalahanin, *Mga Ginoo, Anong Oras na?*

<sup>40</sup> Ngayon, tayo'y tutungo upang. . . sa wari ko'y buo na ang iskedyul para sa buong—sa linggong ito—at sa Lunes ng gabi ang — mga gawain ngayon, at mamayang gabi, at sa Lunes. Sa Lunes ng gabi ang gawaing pagmamasid. At—at kung magkagayon, ibibigay sa inyo niyan ang Martes, araw ng Bagong Taon, kung kayo'y nasa labas ng bayan, maaari kayong umuwi. At magkakaroon tayo ng ilang mahuhusay na mga ministro na narito ngayon para sa pagtitipong iyon—tayo— isang—isang malaking lupon ng mga mga mahusay na tagapagsalita. At bawa't isa ay mangungusap nang sunod-sunod hanggang hating-gabi; at misan ay nagko-Komunyon sila (kung ito'y nakabilang, hindi ko alam kung gagawin nila ito ngayon o hindi) habang. . . Habang naghihiyawan sila at nagtitilian, at nagpapaputok, at naglalasing, at nagpapatuloy, tayo nama'y nagko-Komunyon (Amen!), pasisimulan ang Bagong Taon nang tama sa isang Komunyon.

<sup>41</sup> Ngayon, imbitado kayong lahat, at umaasa ako na kayo—ang Diyos ng kalangitan ay magkakaloob sa inyo ng isang pagkakataong makapanatili kayo hanggang sa araw na iyon kung magagawa n'yo.

<sup>42</sup> Ngayon, bago tayo magtungo sa Salita, nais ko rin itong sabihin, na totoong nagpapasalamat ako sa iglesyang ito, sa mga kabahagi nito, para sa napakagagandang mga damit na binili n'yo para sa akin. Maraming salamat sa inyo. Napakarami niyan para sa akin: lahat ng inyong mga kard at mga bagay-bagay sa buong—sa—panahon ng Kapaskuhan, ang mga regalang ipinadala n'yo sa pamilya; at, oh, ako—para sa akin ay hindi na iyon mabilang, at mga mumunting bahagi na hindi makahihipo ng bahagi ng aking puso. Walang makagagawa nito nang gaya niyan, ang malaman na ito'y mula sa inyo.

At kaya, ang ilan sa kanila ay nagpadala sa akin ng kanilang mga Pamaskong regalo sa pamamagitan ng salapi, at ang iba naman ay nagpadala ng . . . Tulad ng, isang kapatid na lalaki ang nagpadala sa akin ng isang aklat na maliit at isang—at iyon ay gawa niya at nilagyan pa ng pangalan ko; at may maliit na pin na pag sinilip mo, ay mababasa mo ang Panalangin ng Panginoon doon; at oh, mga bagay na tulad niyan, talagang ito’y—talagang aming pinahahalagahan. Ang maybahay ko at ako, at ang mga bata ay nais naming sabihin sa inyong maraming salamat. Napakaliit nito, pero sasabihin ko ito (ito ang pinakadakilang salita sa aking palagay na maaaring sabihin ninuman): “Pagpalain kayo ng Diyos.” Wala nang hihigit pa kaysa rito.

<sup>43</sup> Ngayon, at sa mga kapatirang kalalakihan dito sa iglesya na bumili para sa akin ng baril na iyon, ako—naisuot ko ang amerikana pero ako—hindi ko maaaring dalhin ang baril sa simbahan. Datapuwa’t iyon ay . . . Talagang magkakaroon na sila ng isang bagay laban sa akin pag ginawa ko ’yon, hindi ba? Kaya ako—ako—ako’y totoong nagpapasalamat sa inyo, mga kapatid ko. At babasahin ko sana ang mga pangalan nila sa isang kapisang . . . Subali’t isa sa mga kapatid na ito ang bumisita kahapon; sabi, “Oh, huwag—huwag—huwag mo akong pasalamatan, Kapatid na Branham, dahil mawawalang lahat ang kagalakan sa puso ko.” Kita n’yo?

<sup>44</sup> Kaya naisip ko, “Marahil ang iba pa sa kanila ay gayon din ang palagay.” Pero nasa akin ang inyong pangalan; minakinilya nila ito. Lagi ko itong aalalahanin, at pagpalain kayo ng Diyos nang sagana.

<sup>45</sup> At alam n’yo kung ano ang ginagawa kong pamamahinga, at ako’y papasok diyan sa silid na silid-aralan, at uupo roon, at babalikan ang mga alaala. Kapag ako’y pagod na at hindi na makapagpatuloy, kung gayo’y isipin naman ang tungkol sa ilang pangangasong ginawa ko kung saan, o kung saan man ako nangisda. Pinagpapahalagahan ko iyon. Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>46</sup> Ngayon, maaari ba nating iyukod ang ating mga ulo sumandali sa ating pagtungo sa Salita! Tiyak kong may mga kahilingan dito sa umagang ito na lubhang napakarami para isa-isahin sa pagkakataong ito, kaya iniisip ko, habang nakayuko ang ating mga ulo, ang natatanging kahilingan n’yo, kung inyo lamang panatilihin ito sa inyong puso, at itaas lamang ang inyong mga kamay, at sabihing, “Diyos, alam Mo kung ano ang iniisip ko ngayon.”

<sup>47</sup> Panginoong Jesus, nakikita Mo ang bawat kamay; at alam Mo kung ano ang nasa likod niyan. Sa ibaba ng kamay na iyan ay may nakalapag na isang kahilingan. At lumalapit kami ngayon, buong paggalang sa Luklukan ng Buhay na Diyos,



yaong dakilang perlas na puti na sumasakop sa kabilang ibayo ng lawak ng panahon, kung saan nakaluklok si Jehovang Diyos doon, at ang Dugo ni Cristo ay nasa altar. At kami'y nangungusap patawid sa Dugong iyon sa pamamagitan Niya na nagsabi, "Hilingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan; ito'y ipagkakaloob." Maaari Mo bang pakinggan, Diyos, sa umagang ito at tugunin ang kanilang mga kahilingan? Inilalapag ko ang aking dalangin kasama sa kanila ngayon na ipagkakaloob Mo ito.

<sup>48</sup> Naririto ang mga panyong nakalapag dito, Panginoon, upang ang may sakit at may kapansanan. . . At kami'y naturuan sa Bibliang iyan na kinuha nila mula kay San Pablo ang mga panyo at mga panapi; at inilagay ang mga iyon sa mga maysakit, at nagsilabas ang mga karumaldumal na espiritu mula sa kanila, at nagsialis ang mga sakit. At Ama, gaya nang dati na naming alam sa mahabang panahon, at totoong nalalaman namin, na hindi kami si San Pablo; ngunit gayunman, dama naming hindi iyon si San Pablo, kundi ang Cristo na nasa kaniya. At ikaw ay tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man ayon sa Kasulatan.

<sup>49</sup> Ngayon, ang mga taong ito, Panginoon, ay sumasampalataya na kung hihilingin namin sa Diyos, at kukunin ang mga panyong ito, at ipapatong ang mga ito sa mga maysakit, na sila'y gagaling. Dalangin kong mangyari ito, Panginoon. Kapag ang mga panyong ito ay naipatong sa mga maysakit. . . Gaya ng nasabi, minsan nang ang Israel sa pagtupad nito sa tungkulin, patungo sa lupang pangako, at hinarangan sila ng Dagat na Pula sa landas ng kanilang tungkulin; datapuwa't tumingin ang Diyos pababa sa Haliging Apoy na iyon na may mga nagngangalit na mata; at ang dagat na iyon ay nasindak, at binawi nito ang kaniyang mga alon, at tubig nito; At tumawid ang Israel sa tuyong lupa patungo sa lupang pangako.

<sup>50</sup> Ngayon, Panginoon, sa araw na ito ay tumingin patagos sa Dugo ni Jesus. At nakikita mo ang gawa ng pananampalataya na idinadaos namin dito sa umagang ito; at nawa'y masindak si Satanas at lumayo. At nawa'y bawat isa sa mga manlalakbay na naririto ngayon, bawa't mapatungan ng mga panyong ito, nawa sila—mabuksan nawa ang daan, maitaboy nawa ang mga karamdaman; at nawa'y sumulong sila patungo sa lupang pangako, na pinangungunahan ng Banal na Espiritu, ang Haliging Apoy. Itulot ito, Panginoon.

<sup>51</sup> Ngayon, pagpalain ang mga gawain, ang mga salita, ang nilalaman, ang pagbasa; at nawa ay kunin ng Banal na Espiritu ang Salita sa umagang ito at buong katamisang ibahagi Ito sa bawat isa sa amin, Panginoon, habang kami'y lumalago papalapit sa isang dakila, kamangha-manghang bagay, na hindi namin alam kung ano. Ang mga puso namin ay nakilos nang kakaiba, Panginoon, at dumadalangin kami ngayon habang buong paggalang kaming lumalapit sa Iyo at sa Iyong Salita na

nawa'y Iyong ipaliwanag sa amin ang kahulugan nito. Sapagka't hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>52</sup> Ngayong gabi, huwag kalilimutan, *Ang—ang Oras, Anong Oras Na?*

<sup>53</sup> At ngayon, sa umagang ito nais kong pabuklatin kayo sa (sa inyo na may mga Biblia markahan ito, kung nais n'yo)—sa mga Kasulatan, kung saan ay nais nating mangusap sa loob ng ilang sandali, masusumpungan ito sa Aklat ng Mga Gawa. Marahil ay babasa tayo sa dalawa o tatlong bahagi: Mga Gawa 26:15 muna, Mga Gawa ika-25 kabanata at sa ika-15 talata, magsisimula. Pagkatapos ay nais nating basahin ang Mga Gawa 23:11; at maaari n'yong idagdag dito (kung nais n'yo, marahil ay wala tayong oras para basahin ito) Mga Taga Filipos 1:20. Ito'y tungkol sa iisang paksa, gayun ding mga pangungusap.

<sup>54</sup> Ngayon, sa Aklat ng Mga Gawa 26:15, tayo—mababasa tulad nito:

*At sinabi sinabi ko, Sino ka baga, Panginoon?  
At sinabi ng Panginoon, Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig.*

*. . . datapuwa't magbangon ka, at ikaw ay tumindig sa iyong mga paa: sapagka't dahil dito'y napakita ako sa iyo, upang ihalal kitang ministro at saksi din naman ng mga bagay na nakita mo sa akin, at ng mga bagay na pagpapakitaan ko sa iyo;*

*Na ililigtas kita sa bayan, at sa mga Gentil, na sa kanila'y sinusugo kita,*

*Upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios, upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga pinapaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin.*

*Dahil nga dito, Oh haring Agripa, hindi ako nagsuwail sa pangitain ng kalangitan:*

*Kundi nangaral akong una-una sa mga taga Damasco, at sa Jerusalem din naman, at sa buong lupain ng Judea, at sila gayon din sa mga Gentil na sila'y mangagsisi at sila mangagbalik-loob sa Dios, na mangagsigawa ng mga gawang karapatdapat sa pagsisisi.*

Sa Aklat ng MgaGawa 23 at sa ikalabing-isa na talata muli:

*At nang sumunod na gabi ay lumapit sa kaniya ang Panginoon, at sinabi, Laksan mo ang iyong loob: sapagka't kung paano ang pagkapatotoo mo tungkol sa akin sa Jerusalem, ay kailangang patotohanan mo rin gayon sa Roma.*

55 Nawa'y idagdag ng Diyos ang Kaniyang mga banal na pagpapala sa pagbasa ng kaniyang napaka-biyaya, at Banal na Salita na nasa ating harapan.

56 Ngayon, narinig ko ang isang lalaki na nangusap—o nagturo hindi pa katagalan, at ginamit niya ang salitang *Batayan*. At naisip ko, “Napaka-gandang salita niyan; napakaraming ulit ko itong narinig na ginamit.” *Ang Batayan*. Iya'y . . .

57 Tiningnan ko sa diksiyunaryo, sa Webster's. Ayon sa Webster's, ito'y “sakdal sa kaniyang sarili; walang hangganan sa kapangyarihan; higit sa lahat, isang pantapos.” At ang isang *pantapos* ay ang “amen”; iyon lang. Ang *isang batayan*, ito ay—ito'y “walang hangganan sa kapangyarihan,” ang salitang *batayan*. Ito'y—ito'y sakdal sa kaniyang sarili. Iyon lang lahat ito; iyan ang tumapos nito. At naisip ko, “Iya'y isang maluwalhating bagay; iya'y kahanga-hangang salita.”

58 At ngayon, ang isang *salita* ay “isang kaisipang naipahayag.” Una, kailangan muna itong maging isang kaisipan, pagkatapos ay nagiging isang salita ito; sapagka't hindi mo maipapangusap ang iyong mga salita nang hindi muna nag-iisip.

59 Kapag nagsasalita tayo sa ibang wika na hindi tayo nag-iisip; ang Diyos ang gumagawa ng pag-iisip; ito'y kaisipan ng Diyos na gumagamit sa ating mga labi. Hindi natin iniisip o nalalaman kung ano'ng sinasabi mo kapag nagsasalita ka sa ibang mga wika, kung ito'y inspiradong pagsasalita. Kapag naman nagpapaliwanag ka ay hindi mo alam kung ano ang sinasabi mo; basta mo na lang itong sinasabi, iyon lang. Kita n'yo? Iya'y ang Diyos. At sa panghuhula, ay hindi mo ginagamit ang sarili mong mga kaisipan; ito'y ang Diyos, pagka't nangungusap ka ng mga bagay na hindi mo karaniwang naiisip na sabihin. Kita n'yo?

60 Datapuwa't ang salitang *batayan* ay isang pangwakas; kaya nga, sa aking palagay ay dapat magkaroon ang bawa't isa ng isang pangwakas. At bawa't kahanga-hangang tagumpay na kailanma'y nakamit na, ay nagkaroon ng isang batayan sa likuran nito. Maging ano man iyon, tiyak na ito'y may isang batayan sa likuran nito. At bawa't tao para siya magtagumpay sa ano mang bagay ay kailangan munang magkaroon ng isang batayan. At iyan ang pangwakas na tali pabalik *dito*, *diyan*, pabalik tungo sa *iba pa*, hanggang sa marating mo ang batayan na iyon, o ang “amen,” o ang pantapos nang kung ano ang iyong . . . Mayroon kang isang bagay na pinagtatalian dito, sa ibang salita. Ito ang pangwakas na posteng pinagtatalian, sa bawa't matagumpay na gawa . . . Ito'y kung saan; maaaring umikot ito sa maraming iba pang mga bagay, hanggang sa umabot ito sa posteng pinagtatalian; datapuwa't naroon ang “amen” sa lahat ng ito. Dapat magkaroon ng isang gayong bagay. Hindi ka makapagpapatuloy sa buhay nang wala nito.

<sup>61</sup> Ikaw—nang mag-asawa ka, kailangang may nakakintal sa iyong isip na isang bagay, hanggang matumbok mo ang posteng pinagtataliang iyon. At iyon ay dapat ang pag-ibig mo sa iyong asawang babae o lalaki. Buweno, marahil ay hindi siya kasing ganda ng asawa ni Juan; o siya ay, buweno—siya hindi ang—*ganito*, o *ganiyan*, subali't ma'y kung ano sa kaniya na iyong—tumatama ito sa iyo. Kayo—kayo—sasabihin mo, “Hindi man siya marahil kasing ganda ng iba,” o, “hindi man siya marahil kasing guwapo ng iba”; ngunit mayroong batayan doon na dahilan ng pagiging kaiba ng taong iyon. At doon ka nanghahawakan. At kung wala iyon doon, makabubuting huwag ka na lang mag-asawa, iyang posteng pinagtatalian, ang batayan.

<sup>62</sup> Makaiisip tayo ng maraming nagtaglay ng batayan sa Biblia. Oh, maaari nating kunin tuloy-tuoy mula sa daloy ng Bibliang iyan, at manatili lamang tayo rito ng dalawang linggo mula ngayon, at hindi man lang natin mahihipo ang ibabaw nito, kung iisipin natin ang mga batayan sa Biblia. Halimbawa, hayaan n'yong bumanggit ako ng isa o dalawa, ibubuod lamang sila.

<sup>63</sup> Tingnan si Job. Ngayon, mayroon siyang Batayan. Lahat ay napasama para sa lalaking iyon, isang taong matuwid. Ngayon, magiging mapangahas na sabihin nating hindi siya matuwid, dahil sinabi ng Diyos na siya'y matuwid. Walang katulad si Job sa balat ng lupa. Siya ay sakdal sa paningin ng Diyos; at alam niya ito, dahil mayroon siyang Pangwakas; mayroong siyang Batayan.

<sup>64</sup> Nang ang lahat ay tila baga sumasalungat, kumalat ang sakit, marahil ay sinabi ng mga kaibigan niya, “Ngayon, hayan ka na, Job, pagpapatunay iyan na nagkakasala ka; mali ka.” At pagkatapos, ang mga obispo ay nagsidating (tinawag nila silang mga tagaaliw ni Job), at sa halip na aliwin siya, wala silang nakita kundi kasalanan sa buhay niya; dahil ganoong paraan nakitungo ang Diyos sa kaniya na mayroon Siya.

<sup>65</sup> At nangamatay ang mga anak niya; ang kaniyang—ang ari-arian niya ay nangasunog; ang kaniyang—kaniyang—lahat ng bagay ay nagulo, at maging ang sarili niyang buhay ay nanganganib, nakaupo siya sa bunton ng abo, kalat mula sa tuktok ng kaniyang ulo hanggang sa talampakan niya ang mga pigsa. At maging ang kaniyang kaibig-ibig at malambing na kasa-kasama, ang ina ng mga batang iyon, ay nagsabi, “Dapat mong sumapain ang Diyos at mamatay na.” Datapuwa't sa kabila ng lahat ng iyon ay may batayan si Job!

<sup>66</sup> Oh, sa oras ng karamdaman kung magagawa lang nating itali ang sarili natin sa Batayang iyon. Batid ni Job na nasunod niya ang bilin ni Jehova, at may pananampalataya siya sa kaniyang ginawa, dahil hiningi iyon ni Jehova. Kung magagawa lang sana natin ang gayon! Humiling si Jehova ng haing susunugin para sa kaniyang kasalanan. At si Job, hindi lamang para sa sarili

niya, kundi maging pati sa mga anak niya, ay naghain ng alay na sinusunog, at iyon lang ang hinihingi ng Diyos.

67 Oh, maaaring sabihin mo, “Sana ganoon lang din ang hinihingi ng Diyos ngayon.”

68 Ito’y mas kaunti pa nga riyan, tanging pananampalataya sa Kaniyang Salita. At ikaw—kung gagawin mong Batayan ang Kaniyang Salita, magagawa mong— anumang Makalangit na pangako sa Biblia, maaari mong itali ang kaluluwa mo rito. Kahit pa gaano ka ipaghampasan ng mga alon, nakatali ka pa rin. Ang iyong Batayan.

69 At nanghawakan siya Rito, at nang sabihin ng kaniyang mga taga-aliw, “Ika’y nagkasala,” alam niyang hindi siya nagkasala. Siya’y matuwid, dahil natupad niya ang bilin ni Jehova. At nang ang kaniyang—bawat . . . Ang lalaking iyon ay pumasok at nagsabi, “Ang mga anak mo’y patay na”; ang isa pa’y pumasok at nagsabi, “Ang mga kamelyo mo ay nangasunog, at may bumabang apoy mula sa langit . . .”

70 Tingnan n’yo kung ano ang argumento ng kaniyang mga taga-alis ng aliw, “Nakita mo? Bumaba ang apoy mula sa langit. Ngayon, Job, pinatutunayan niyan . . .”

“Walang pinatutunayan iyan!”

“Ngayon, hindi Niya dapat sinalanta ang mga anak mo, Job; ika’y isang taong matuwid.”

71 Ngunit sabi ni Job, “Batid kong nagawa ko kung ano ang matuwid.” Nanghawakan pa rin siya; mayroon siyang taglay na maaari niyang ibaon. Iyon na ito. Tinanggap na niya ito; nagawa na niya kung ano talaga ang ipinagagawa sa kaniya ng Diyos; at tiyak na tiyak siya. Tama!

72 Pagkatapos, nang umabot siya sa punto na ang Batayan na iyon ay humawak, sa wakas ay unti-unti niyang naramdaman na ang lubid ay humihigpit na dati’y napakaluwag, napapadpad sa paligid. Ngunit unti-unti itong humigpit, at ang Espiritu ay lumukob sa kaniya; at tumindig siya, palibhasa’y isang propeta, at nagsabi siya, “Batid kong buhay ang aking Manunubos!” Amen! Kita n’yo? Humigpit ang pagkakatali niya sa kaniyang Batayan; bigla siyang napaugnay. Alam niyang nagawa niya ang matuwid, at balang araw ay magagawa niyang higitin Iyon. “Batid kong buhay ang aking Manunubos, at sa huling mga araw ay tatayo Siya sa ibabaw ng lupang ito. Kahit matapos sirain ng mga uod ang katawang ito, gayunman sa laman ko’y makikita ko ang Diyos.” Natiyak na niya; nang magkagayon ay umangkla ang kaniyang Batayan.

73 Si Abraham, isang batayan, lumusong mula sa Babilon, mula sa tore at sa — doon sa Shinar, at doon sa labas kung saan siya naglalakbay kasama ng kaniyang ama, at marahil siya’y isang magsasaka. Ngunit isang araw, sa gitna ng kagubatan kung saan

marahil ay namimitas siya ng mga duhat, o—o papaslang siya ng isang hayop para sa kaniyang pagkain, at sa dako roon kung saan, nangusap ang Diyos sa kaniya nang siya ay pitumpu't limang taong gulang.

<sup>74</sup> At siya ay — siya at ang kaniyang asawa, si Sarah, siya noong animnapu'tlimang taong gulang na at wala pang anak — walang anak, hindi sila nagkaroon ng anak. Pagkatapos, sinabi sa kaniya ng Diyos, “Magkakaanak ka kay Sarah, ngunit para maganap ito, kailangan mong ihiwalay ang iyong sarili.”

<sup>75</sup> Ang mga pangako ng Diyos ay laging may kondisyon. Kailangan mong lubos na... Kahit gaano ka kapundamental sa pangako, ito'y laging napapailalim sa isang kondisyon. Magagawa nating tumigil dito at humabi tayo sa mga Kasulatan, nang pabalik-balik, sa loob ng maraming oras, kita n'yo?, na ang kondisyon ay yaong may kabuluhan. Maaari kang maging napaka pundamental kung nais mo, ngunit ito'y nasa ilalim ng mga kondisyon sa pamamagitan ng pangako, pagtatalaga, at iba pa.

<sup>76</sup> Pansinin! Ngayon si Abraham, sinampalatayanan niya ang Diyos, at ibinilang na katuwiran iyon sa kaniya. Ngayon, anong-magiging isang kahindik-hindik na bagay ang makakilala ka ng isang—isang sibilisadong mundo, isang lalaking pitumpu'tlimang taong gulang na kasama ang isang babaeng animnapu'tlimang gulang (at magkasama na sila mula pa noong mga bata pa sila, 'pagka't siya ay kapatid niya sa ama) at ngayon ay magkakaanak sa kaniya. Subali't mayroong siyang Batayan. Walang makatitinag sa kaniya.

<sup>77</sup> At nang, sa unang buwan ay hindi iyon nangyari, humawak pa rin ang kaniyang Batayan, dahil batid niyang nakipag-usap na siya sa Diyos. Sa ikalawang buwan, ikalawang taon, ikasampung taon, at pagsapit ng ikadalawampu't limang taon, nang siya'y isandaang taon na at si Sara ay siyamnapu, patuloy na humawak ang kaniyang Batayan.

<sup>78</sup> Ang sabi ng Biblia, nang isulat ang kaniyang obituwaryo, sabi niya, “Si Abraham ay hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng 'di-pananampalataya, bagkus ay naging matatag, na nagbibigay papuri sa Diyos.” Bakit? Naisip n'yo ba kung bakit? Siya ay batayan, positibo, at ang kinailangan lang niyang gawin ay ang ihiwalay ang kaniyang sarili sa kaniyang lipi. At hindi siya pinagpala ng Diyos hanggang magawa niya ito. Isinama niya ang tatay niya; namatay ang tatay niya. Isinama niya si Lot; at nang—matapos humiwalay ni Lot kay Abraham, doon lang dumating ang Diyos sa kaniya, ang sabi, “Ngayon, lumakad ka sa lupaing ito.” Ang pagsunod, pangakong nasa ilalim ng mga kondisyon, laging sumasama sa Diyos, at sa Kaniyang Salita.

<sup>79</sup> Ngayon, tingnan sa...Kunin natin si Moises. Si Moises, ang—ang takas na propetang-lingkod, na ang Diyos ang kumalinga sa kaniya at pinag-aral siya sa palasyo ni Paraon, at—at lumabas si Moises taglay ang kaniyang teolohikang pagsasanay at naging—ang unang lalaking, pinaslang niya. Pagkatapos naganap ang unang maliit na depekto, at halos mamatay sa takot si Moises. Bakit? Wala siyang Batayan; ang tanging taglay niya ay ang kaniyang—ang patotoo ng kaniyang ina tungkol sa kaniyang kapanganakan.

<sup>80</sup> Siya'y isang kakatwang bata; hawak niya ang salita ng kaniyang ina tungkol dito. Taglay niya ang mga aklat kung saan ang Diyos ay (marahil ay sa papel naisulat ang mga ito, naibalot na kasama ng mga ito)—na dadalawin ng Diyos ang Kaniyang mga anak. Batid niyang iyon na ang oras, gaya nang batid din natin ngayon. Alam nating may napipintong maganap.

<sup>81</sup> Ngayon, alam ni Moises na iyon na ang oras, at alam niyang hinirang siya para dito; ngunit wala siyang Batayan. Kita n'yo. At isang araw sa likuran ng ilang, nang maiwala niya ang pangitain, nagpakita ang Diyos sa kaniya sa anyo ng nagniningas na palumpong at nagsabi, "Moises, nakita ko ang mga kadalambahatian ng Aking bayan; Narinig ko ang kanilang mga pagdaing at pananangis sa kamay ng mga panginoon nilang nagmamalupit sa kanila; at naalala Ko ang Aking pangako. Bumaba Ako para ilitas sila; ngayon, pumaroon ka sa Egipto." Oh, naku!

<sup>82</sup> Ang sabi—si Moises ay dumaing, ang sabi, "Hindi ako mahusay magsalita; ang aking—ang paraan ng pagbibitaw ko ng salita ay hindi maayos; hindi sila maniniwala sa akin!"

Sabi Niya, "Ano ang hawak mo sa iyong kamay?"

Sabi niya, "Isang tungkod!"

<sup>83</sup> Sabi Niya, "Itapon mo ito sa lupa!" Naging ahas iyon. Sabi, "Damputin mo sa buntot!" Nagbalik ito sa pagiging tungkod. Binibigyan niya siya ng isang katiyakan, isang pagpapatunay. Kapag ang Diyos ay nagbigay ng isang Batayan, nagbibigay Siya ng pagpapatunay sa Batayang iyon, sa tuwina.

<sup>84</sup> Nang magkagayon, si Moises, nang siya ay pumaroon, at kaniyang itinaon sa lupa ang kaniyang tungkod sa harap ng mga mahikero at ni Paraon (at nagsidating ang mga mahikero at nagsipagtapon din ng kanilang mga tungkod), hindi kailanman tumakbo si Moises at nagsabi, "Oh buveno, nagkamali ako, ako—ay isa lamang hamak na mandarayang mahikero at marahil ako ay mali." Subali't alam niya; positibo siya na nakatagpo niya ang Diyos; at siya't tumayong tahimik. Sabihin nating nagawa niyang eksakto kung ano talaga ang iniutos sa kaniya ng Diyos na gawin; gayun din nagawa ni Job ng eksakto kung ano ang iniuutos sa kaniya ng Diyos na gawin; Tinupad ni Moises ang

Kaniyang mga utos. Kung gayo'y tumayong tahimik at masdan ang kaluwalhatin ng Diyos!

<sup>85</sup> Si Moises ay nakatali sa kaniyang Batayan, sa kaniyang komisyon, at tumayo siyang tahimik. At nang gawin niya, nilulon ng ahas niya ang lahat ng iba pang mga ahas. Kita n'yo? Nakatali siya sa Batayan na iyon. Ang sabi ng Diyos, “Kapag napalaya mo na ang mga anak na iyon, muli n'yo Akong sasambahin sa bundok na ito.”

<sup>86</sup> At sisikapin ng kaaway sa anumang kaparaanan na mailayo niya kayo sa Batayan na iyan. Pagkalabas mismo nila sa Egipto, nagipit sila sa pinaka leeg ng — ng Dagat na Pula — kabundukan sa magkabilang panig. Nakarating sila sa lambak at naroroon ang Dagat na Pula — walang daan para makatakas sa mga burol, walang paraan para makatakas sa gawing *ito*, at ang mga kawal ni Paraon ay paparating sa gawing *ito*. Ano'ng lugar para tayuan! Nakikita n'yo ba kung paanong inilalagay kayo ng diablo sa isang lugar kung saan ay hindi mo na malaman kung ano'ng dapat gawin? Ngunit alalahanin, kung nakatali ka sa Batayan na iyon, iyon ang kumuha nito. Batid ni Moises na ipinangako sa kaniya ng Diyos na “Sasamba kayo sa bundok na ito kapag nailabas mo na sila. At ako'y bumaba sa pamamagitan ng iyong kamay upang palayain sila at ilagay sila doon sa kabilang lupain.” Nanatili siya kasama nito, at nagsugo ang Diyos ng hanging silanganan at hinipan nito ang tubig mula sa kailaliman, at lumakad sila sa tuyong lupa. Isang Batayan!

<sup>87</sup> Magagawa nating tumungo sa mga Kasulatan: si Daniel, ang kaniyang Batayan; si Sadrach, Mesach, at Abednego, ang kanilang Batayan; si David, ang kaniyang Batayan. Lahat—Batayan!

<sup>88</sup> Si Pablo man ay mayroon din, yaong patungkol sa binabasa natin. Mayroon siyang nakasentro-kay-Cristong pagkatawag, at iyon ang kaniyang Batayan. ‘Yun ang dahilan kung bakit hindi siya natakot sa maaaring sabihin ni Agrippa. Nakatayo roon (at si Agrippa ay isang Hudyo, gaya nang alam natin) — At kaya nang — nang siya'y tumayo sa harap ng mga haring iyon at iba pa, sinabi na ng Diyos sa kaniya na tatayo siya roon. Kaya mayroon siyang Batayan, kaya naisaysay niya nang eksakto ang makalangit na pangitain. Sabi Niya, “Hindi ako isang. . . hindi ako nawalan ng paggalang dito. Ako ay— hindi humatol dito nang mali; hindi naging mali ang inasal ko.” Datapuwa't nanangan siya at hindi siya naging masuwayin; tinupad niya iyon sa kaliit-liitang detalye nito, dahil iyon ay isang Batayan. At sa kanino mang nakasentrong-buhay kay Cristo, iyan ang iyong Batayan.

<sup>89</sup> Ngayon, mula nang makatagpo niya Siya nang mukhaan sa daang patungong Damasco, iyon ay—naging labis na makabuluhan iyon para kay Pablo. Ngayon alalahanin, na siya'y



isang iskolar bago pa man; siya'y isang lalaking bihasa sa Kasulatan, ngunit wala siyang ano mang posteng pinagtatalian maliban sa Sanhedrin na aalalay sa kaniya, at isang—at isang diploma mula sa isang—isang dakilang guro. Siya'y isang dakilang tao sa kaniyang larangan, subali't siya'y mabuway. Ang tanging bagay na taglay niya, ang batayan niya ay magiging sintibay lamang ng kaniyang organisasyon; gayon lang ang maaaring maging lakas niya. At gumawa siyang tapat doon, at nanghuhuli siya ng mga Cristiano at ginagapos sila, at pinapangalat sila, at ipinabato pa nga niya si Esteban.

<sup>90</sup> Sa palagay ko sa gawing hulihan ng kaniyang buhay, ang dahilan ng pagtungo niya sa Jerusalem, nang sabihan siya ng propeta, “Huwag kang paroroon, Pablo, dahil mga tanikala at bilangguan ang naghihintay sa ‘yo roon,’ . . .

<sup>91</sup> At sabi ni Pablo, “Alam ko ito; subali't hindi lamang ako paroroon sa Jerusalem upang sumaksi, datapuwa't paroroon ako; at handa akong mamatay para kay Jesus Cristo,” pagkat alam niya kung ano ang nagawa niya, at ang pangarap niya ay ang matatakan ang kaniyang patotoo sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo—mamatay na isang martir, dahil pinatay niya ang isa sa mga martir ng Diyos.

<sup>92</sup> At ngayon, patungo na siya sa Damasco taglay ang lahat niyang edukasyon (naupo siya sa pagtuturo ng dakilang gurong, si Gamaliel, at kung paanong siya'y naturuan tungkol sa lahat ng relihiyon ng mga Hudyo) at gayon man, sa kabila ng lahat ng iyon, napakahina niya, at wala siyang taglay na kakayanan na gawin ang ilang mga bagay. At bigla na lamang, lumitaw ang isang Liwanag, at may umugong, marahil, at isang kulog, at tinamaan siya rito, at nahulog siya sa lupa. At siya—nang tumingala siya, ay may sinag ng Liwanag na bumulag sa kaniya. At anong kakatwang bagay iyon!

<sup>93</sup> Walang ibang nakakita sa Liwanag, si Saul lang. Naging napaka—napakatotoo nito para sa kaniya, hanggang sa bulagin Nito ang kaniyang mga mata; hindi siya makakita, lubos siyang nabulag ng Haliging Apoy na nagdidingas sa harap ng kaniyang mukha. At narinig niya ang isang tinig sa nagsasabi, “Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?”

<sup>94</sup> Sabi niya, “Panginoon, Sino Ka?”

<sup>95</sup> Sabi Niya, “Ako si Jesus; at mahirap para sa iyo ang sumipa sa mga matulis na ito. Magbangon ka ngayon, at magtungo sa Damascos; at doon ay may isang isusugo sa iyo.”

<sup>96</sup> Pagkatapos, nang magbangon siya mula roon (at mayroong isa, isang propeta, doon sa lungsod na nakakita ng isang pangitain, habang siya'y nananalangin, at siya'y dumating), si Ananias ay dumating at nagtungo kay Saulo, pinatungan siya ng kamay, at gumaling siya sa pamamagitan ng Makalangit na pagpapagaling. Tumayo siya nang magkagayon,

nabautismuhan, nahugasan ang kaniyang mga kasalanan, tumatawag sa Pangalan ng Panginoon; at nang magkagayon ay nagkaroon siya ng isang Batayan. Nag-iba na siya pagkatapos roon. Kaagad siyang nagtungo mula sa isang simbahan tungo sa ibang simbahan, mula sa isang dako tungo sa ibang dako, nagsisikap na itayo yaong dati niyang pinagsikapang gibain.

<sup>97</sup> Gaano ang bansang ito, gaano ang daigdig ng sangka-Cristianuhan sa umagang ito nangangailangan ng ganoong uri ng Batayan. Yaong mga kumakalinga ng mga kredo at mga tradisyon ay nagsikap na—sa pamamagitan ng aral ng tao, upang ipuwersa ang Salita ng Diyos at palabasing hindi na ito katulad kahapon, ngayon, at magpakailan man. Kailangan nila ng isang Batayan, isang karanasan ng pagtatagpo sa daan patungong Damasco, ang Buhay na Diyos na Siyang nakapagpapagaling ng maysakit, at nakabubuhay ng patay, at nagpapalayas ng mga diablo—isang tunay na Batayan.

<sup>98</sup> Alam ni Pablo na may nangyari; walang makaaagaw nito mula sa kaniya. Wala nang halaga ang iba pa; siya’y nakatali na, at iyon na ito. Kahit ano pa ang dumating, alam niyang nakatali na siya—nakasentrong-buhay-kay Cristo! Oh, ang buhay na ipinamuhay niya ay ibang uri ng buhay.

<sup>99</sup> Ngayon alalahanin, siya’y dating relihiyosong tao. At sa ilan sa inyong mga tao sa umagang ito (at alam kong napapagtanto ninyo na ang teyp na ito na kasalukuyang ginagawa, ay patutunugin sa bawat bansa sa silong ng langit, paikot, sa buong mundo); at ang ilan sa inyong mga tao na naririto, ngayon; at ang ilan sa inyo na nasa mga lugar kung saan patutunugin ang teyp na ito sa iba’t-ibang bansa sa pamamagitan ng tagapagpaliwanag (ibibigay ito sa mga tribu sa Africa, doon sa mga liblib doon sa mga Taong-gubat, at — at sa — sa lahat ng dako); at sa inyong mga pinuno ng mga relihiyon na nakakuha lang ng edukasyon tungkol sa Biblia (nakuha n’yo iyan mula sa pangkasaysayang pananaw at marahil ay may kakayanang magpaliwanag ng lahat ng mga bagay na ito); ngunit, kung wala kayong Batayan, walang isang—isang karanasan (at kung ang karanasang iyan na—na inaangkin ninyong taglay ninyo ay nagbubunsod sa inyo upang itanggi na bawat salita nito ay hindi kasing totoo sa iglesia ngayon na tulad noon), at ika’y nakasandig sa iyong titulong Batsilyer ng Sining, o anumang mayroon ka; kung ika’y nagtitiwala sa mga kaisipan ng iyong organisasyon (na magsasabi, “Ang mga kaarawan ng mga himala ay lumipas na; at wala na tayong makalangit na pagpapagaling; at ang bautismo ng Banal na Espiritu gaya ng natanggap nila sa araw ng Pentekostes ay hindi na para sa mga tao ngayon”); kung iyan lang ang taglay mo, mahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, kailangan mo ng karanasang daang Damasco!

<sup>100</sup> Kailangan mong makatagpo ang Buhay na Diyos na ito kung saan ika’y-hindi lamang isang kaisipang alamat sa iyong diwa,

hindi ang kung anong pangininginig, o kung anong sensasyon, kundi isang aral at karanasan ng isang tunay . . . Ang siya ring Jesus lumakad sa dalampasigan ng Galilea ay nabubuhay ngayon at siya’y buhay magpakailan man, at Siya’y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man — isang Batayan, na hindi mo kailangang pakinggan ang sinabi ng kung sino, alam mo para sa iyong sarili, hindi ang kung anong sensasyon.

<sup>101</sup> At kung ang sensasyong naramdaman mo—at kung sino man (maaari rin namang ito’y isang tunay na maka-Bibliang sensasyon)—at may kung sinong magpapaliwanag sa iyo ng taliwas tungkol dito, at sasabihing ang mga bagay na iyon ay para sa ibang panahon, mag-ingat kayo! Ito ay totoo, mag-ingat kayo! Ngunit may paraan para malaman. Suriin ito sa Salita; Iyan ang Plano!

<sup>102</sup> Kung ang bahay ay naitayong salungat sa plano, gigibain ito ng kontratista at muli itong itatayo. Ngunit kailangan itong tumugma sa plano.

<sup>103</sup> Kahit ano pa ang iyong karanasan kung gayon; kung mayroon sa inyong kalooban na nagsasabi sa inyo na ang Biblia ay hindi totoo, na ang kapangyarihan ng Diyos, ang mga apostol, mga propeta, at mga guro, at mga pastor, at ang mga kaloob ng Espiritu ay sadyang hindi na Ito katulad ng dati nang Ito ay dumaloy sa mga apostol na iyon noong Pentekostes, may mali sa iyong batayan; Kailangan itong maitali sa isang makadenominyong kredo, sa halip na sa Biblia ng Diyos, samantalang sabi Niya, “Kapuwa mga langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi mabibigo.”

<sup>104</sup> Masdan kung ano ang batayan n’yo. Maaring tiyak na tiyak mo na maganda ang pakikisama mo sa pastor; at maaring tiyak na tiyak mo na may pakikisama ka sa distrik presbiter; at maaring tiyak na tiyak mo na may pakikisama ka sa obispo, o sa kung sinong dakilang tao sa inyong iglesya; ngunit kung hindi kayo—ang Batayan ninyo ay hindi si Jesus Cristo . . . “Sapagka’t sa ibabaw ng batong ito ay ilalagay Ko ang Aking Batayan, at ang mga pintuan ng hades ay hindi mananaig laban Dito” — ang espirituwal na kapahayagan kung Sino Siya at batid mo. Tama!

<sup>105</sup> Oh, ngayon, kapag natulad ka kay Pablo, taglay ang katulad na Batayan na tinaglay niya . . . Ang nakasentrong-buhay kay Cristo ay ibang uri ng buhay kaysa sa dati mong taglay; at maaring ito ay napakarelihiyosong buhay na ipinamuhay mo dati.

<sup>106</sup> Oh, narinig kong sinsabi ng mga tao, “Ngayon, napakarelihiyoso nila.” Iya’y walang kinalaman ni isang bagay tungkol dito! Nakakita na ako ng napakaraming relihiyon, napaka taimtim, maraming ulit na higit na matapat kaysa sa mga nag-aangking Cristiano ngayon.

<sup>107</sup> Kapag magagawa ng isang ina na kunin ang kaniyang munting matabang, maitim na sanggol (mga *ganiyan* kahaba) at ihagis ito sa bunganga ng isang buwaya, alang-alang sa pag-ibig niya sa kaniyang diyos, iniisip ko kung gaano katapat ang Cristianismo. Kung magagawa ng isang lalaki na saktan ang sarili niya sa gayong paraan, magtutusok ng isang libong mga sima sa kaniyang laman, nang gano'n (may mga nakakabit na bola ng tubig, nagpapabigat sa kaniya nang paganito), at lalakad sa nagbabagang apoy, mula rito hanggang sa dulo ng tabernakulong iyan (pabalik-balik, at nagbabaga ito, pinapaypayang paganiyan), bilang sakripisyo sa kaniyang diyos (isang rebultong ang mata ay rubi at iba pa), iniisip ko kung nasaan na ang Cristianismo. Kaya huwag n'yong isipin ang pagiging *matapat*; pagiging matapat ay hindi pa ito. Mabuti ang pagiging matapat kung mailalagay sa tamang lugar.

<sup>108</sup> Tulad sa isang doktor na nagbibigay ng gamot, maaaring arsenic ang maibigay niya sa iyo, nang buong katapatan; at maaring mabigyan ka niya ng sulfuric acid, nang buong katapatan; baka mali ang maisulat sa reseta mo, at mainom mo iyon nang buong sinsero, ngunit hindi iyon makapagligligtas ng buhay mo. Kita n'yo? Hindi. Dapat ay alam mo kung ano ang ginagawa mo. At anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos, hindi mahalaga sa akin kung ano iyon at gaano na katagal umiiral iyon, mali pa rin iyon.

<sup>109</sup> Binigyan sila ni Pedro ng isang Walang Hanggang Reseta sa araw ng Pentekostes. Sabi niya, "Mangagsisi ang bawa't isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo; dahil ang resetang ito ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, gaano man karami ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Iya'y tama! Ito'y isang Walang Hanggang Reseta.

<sup>110</sup> Ngayon, ang isang huwad na manggagamot ay maaaring makakuha niyon at mapatay ka. Kita n'yo? Tiyak na tiyak! Alam n'yo, may sukat ng lason sa isang gamot, upang lasunin ang mikrobyo, at ang — alam ng doktor kung gaano karami ang — ang kaya ng katawan mo. Kung labis ang ibibigay niyang lason sa iyo, ikamamatay mo ito. At kung hindi naman sapat ang makuha mo, ano naman ang magagawa nito? Walang buting maidudulot sa iyo ang pag-inom ng gamot. Alam niya kung ano ang kaya ng katawan mo.

<sup>111</sup> Ngayon, ganiyan din ang reseta ng Diyos. Kahit pa anong sabihin nino man na ito ay dapat sa *ganitong* paraan, o sa *gayong* paraan, huwag mong paniwalaan ito. Kapag sinunod mo ang Salita nang eksakto sa titik, iyan na ito. Iya'y tama! Panghawakan mo na Ito.

<sup>112</sup> Ngayon, nasa atin ang—yaong mga nagsasabing dapat kang mawisikan. Nariyan din ang mga nagsasabing dapat gamitin ang mga titulo ng Ama, Anak at Espiritu Santo; walang ganiyang mga bagay sa Biblia, walang dako na sinuman ay nabautismuhan sa Biblia sa ibang kaparaanan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo. Iya'y isang dogmang naidagdag sa Iglesia Catoliko Romano at naipasa ito sa pamamagitan ng mga tradisyon. (Tumbukin natin iyan ngayong gabi.)

<sup>113</sup> Ngunit pansinin, at sa gitna ng lahat ng iyon, nananatili pa rin ang reseta. Iyan ang dahilan kung bakit napakaraming mga anak ang maysakit, dahil hindi sila nakikinig sa sabi ng Doktor. Ang Batayan, kapag nakatali ka Riyan, ito na iyan; Iya'y ang Salita ng Diyos; hindi Ito mabibigo. Ang nakatuong—buhay kay Cristo; napakarami sa atin ang nagtataglay niyan ngayon.

<sup>114</sup> At kapag nakuha mo ito na nakatuong—buhay kay Cristo, magbubunsod ito sa iyo na gumawa ng mga bagay na hindi mo karaniwang ginagawa. Pinakikilos ka nito ng kaiba sa karaniwan mong ikinikilos. Hindi ko ibig sabihin na kumilos ng hangal; ang ibig kong sabihin ay kumilos sa Espiritu, isang bagay na totoo, isang bagay na tunay. At kapag nakakita ka ng taong hangal kung kumilos, alam mong nagbabalat-kayo lamang sila. Ginagaya lang nila iyang tunay na bagay kung saan.

<sup>115</sup> Kapag nakakita ka ng huwad na dolyar, alalahanin na may isang totoong dolyar na pinagkopyahan nito. Kita n'yo? Kapag nakakita ka ng huwad, ito ay walang pasubaling isang maling anino ng isang bagay na tunay; ito'y isang bagay na—na totoo ang pinagkopyahan nito.

<sup>116</sup> Pansinin, magbubunsod ito sa iyo na gumawa ng mga bagay na hindi mo karaniwang ginagawa. Oh, ito—ito ay isang bagay. . . Nakatitiyak ka, tiyak na tiyak ka rito kapag nakuha mo ang Batayan na ito; tiyak ka rito. Hindi ka aasa sa kung ano—ang karanasan ng iba. Iyan ang dahilan na ang Cristianismo ay nagmistulang tulad sa mga maliliit na bata sa Biblia at hindi (pagpaumanhinan ako)—maliliit na bata sa eskuwela. Nagkopyahan sila sa isa't-isa; at kung mali ang batang iyon, ang buong bagay ay mali. Kita n'yo? Nakuha mo na ang buong bungkos nila ay mali. Oh naku, huwag mangopya; katagpuin mo Siya mismo.

<sup>117</sup> Isang matalik kong kaibigan, na nakatayo rito, ay isang matagal ko nang—ay anak ng isang kaibigan ko, isang habang-buhay na kaibigan, ang munting si Jim Poole. Buweno, ang tatay niya at ako ay—magkasabay kaming lumaki sa eskuwela, at oh, napakabait na tao. Ang munting Jim at ako ay lagi na lang nagdarasal na sana'y maging Cristiano na ang malaking Jim, isang tunay na mananampaltaya. At ang munting Jim at ako ay nag-uusap kahapon tungkol sa pagkakatagpo namin sa Diyos sa kabubatan at nakita namin Siya sa kalikasan. Doon mo Siya

makikita, dahil Siya'y isang Manlilikha, at Siya'y nasa Kaniyang nilikha.

<sup>118</sup> At naaalala ko pa, si Jim at ako ay dating nagtutungo—nagtutungo—mahilig kaming mangaso. At pagsapit ng gabi, buweno, lulusong kami, kukunin ang mga bisikleta namin, at magbibisikleta kami sa kalsadang ito rito (mamatay-matay kami sa takot pag dumaraan kami sa libingan pag madilim na), at lulusong kami, at bibili kami ng sorbetes na nasa apa.

<sup>119</sup> At mahilig si Jim mag-pool. Ngayon, mga bata pa kami noon, sampu, labindalawa, labing apat na taong gulang. At pagkatapos, mahilig din si Jim na maupo at magbasa ng aklat tungkol sa pangangaso at pamamatibong. At mauupo rin ako at mangangarap (kita n'yo?) tungkol sa... At ngayon, ang iba sa mga batang lalaki ay nakakakita sa akin. At makakakita ako ng maliit na bahay-bahayan, at sasabihin ko, "Oh, magandang magkaroon niyan sa bundok." At matagal na akong nangangarap na balang araw ay magtatayo ako ng bahay-bahayan sa kabundukan, maraming mga aso, at—at ilang mga baril. Lagi kong naiisip, "Kung magkakaroon lang ako ng isang tatlumpu-tatlumpu isa sa mga pagkakataon ko..." Sa loob-loob ko, "Paano kaya ako magkakaroon ng sarili kong 30-30 riple?" At nung isang araw, nakatayo ako, pinagmamasdan ang dingding ko, at tinitingnan ko roon ang ilan sa pinakamainam na ripleng mabibili, naisip ko, "Kamanghamanghang Biyaya!" Naisip ko, "Magsasanay akong mamaril, at mamaril nang mahusay. At pagkatapos, marahil minsan ay makapa—maglalakbay ako sa kabundukan, isang mahusay na mangangaso ang magsasama sa akin para maging isang ('pagkat nais niyang ingatan ang sarili niya marahil mula sa dumadaluhong na oso; hindi siya masyadong tiyak, marahil ay isang mayaman)—isasama ako, para lang alalayan siya, parang isang badigard. Marahil darating ang araw na makapangangaso ako sa Africa bilang isang badigard. Kung makapagsasanay lang ako. Yun lang ang maaari kong gawin ang magsanay upang maging mahusay, asintado. "Oh," at naisip ko, "Diyos, isipin na lang, itinulot Mong makapangaso ako sa buong mundo. Anong gandang bagay nito!"

<sup>120</sup> Si Jim ay mauupo at magbabasa ng aklat.

At sabi ko, "Jim..."

Sabi niya, "Ako—ako—nais kong magbasa tungkol dito."

<sup>121</sup> Sabi ko, "Jim, iyan ay gawa ng ibang tao; gusto ko ako mismo ang gagawa; Gusto ko ng karanasan!" Nang lumapit ako kay Cristo hindi ko maaaring kunin ang karanasan ng iba; nais kong ako mismo ang makaranas niyon.

<sup>122</sup> Naaalala ko nang mabasa ko ang *Nag-iisang Bituing Koboy* ni Zane Grey. Nasira ko ang dalawa o tatlong walis ni Inay, sa pangangabayo ko sa loob ng bahay namin, habang nakasakay

ako sa kabayong walis. Ako—nabasa ko ang kasaysayan ng—  
ng nag-iisang bituing kuboy, at kung paanong nagdala siya ng  
katarungan sa Big Bend.

<sup>123</sup> Pagkatapos naman ay nabasa ko ang kathang-isip na  
kuwento ni Edgar Rice Burrough tungkol kay *Tarzan at ang mga  
Bakulaw*. Ang inay ay may lumang balat ng hayop na sapin sa  
sahig, tila balat ng seal iyon o kung ano na ibinigay ni Gng.  
Wathen galing sa sunog. At nakalapag iyon sa kaniyang silid,  
at ako—ako inilabas ko ang saping iyon (alam ni Inay na hindi  
iyon tinangay ng hangin), at inilabas ko iyon, at tinabas ito,  
at gumawa ako ng damit ni Tarzan, at umakyat ako sa puno.  
Ako’y—ginugol ko ang kalahati ng buhay ko sa puno, suot ang  
damit ni Tarzan, dahil nakita ko kung ano ang ginawa niya, at  
nais ko ring gawin iyon.

<sup>124</sup> Ngunit isang araw sa biyaya ng Diyos, ay nahawakan ko ang  
tunay na Aklat, ang Biblia. Ang awit ko at kuwento mula noon  
ay ganito na; “Ang matulad kay Jesus; sa lupa’y nais Siyang  
tularan.” Ayokong maging isang obispo, o isang—o kung sinong  
dakilang tao sa iglesya, isang papa, o isang pari. Nais kong  
maging tulad ni Jesus.

<sup>125</sup> Isang Batayan, babaguhin ka nito. May kung ano rito na  
kapag nabasa mo ang Salita Niya at . . . May kung ano sa puso mo  
na nais mong maging katulad Niya. Tiyak ka . . . Para itong . . .

<sup>126</sup> Ang Batayan sa isang Cristia—ang Batayan sa Cristiano ay  
gaya ng—Ito—tulad ito sa angkla ng barko. Siya nga, ika’y—  
kailangan mong magkaroon ng batayan. At kung si Cristo ang  
iyong Batayan, tulad ito sa angkla na kapag ikaw ay . . . Ang  
dagat ay napakaalon, at ang barko ay malapit nang lumabog, at  
ika’y—ang tanging pag-asa mo ay ang maghulog ka ng angkla.  
At pagkatapos, kung ang barko ay inaanod (kita n’yo?), kung—  
Ang angkla ang pipigil sa barko. Alam n’yo, may kinakanta tayo  
(nalimutan ko ang pangalan ng may-akda, pero . . .): *Ang Angkla  
ko’y Nakakapit*.

<sup>127</sup> Tulad ng batang lalaki, tulad nang maraming ulit na nating  
naisip na nagsasaranggola. Wala kang makita, pero hawak niya  
ang pisi. At dumaan ang isang lalaki at nagsabi, “Ano ang  
ginagawa mo, Amang?”

<sup>128</sup> Sabi niya, “Nagsasaranggola.”

Sabi niya, “Ano yang hawak mo sa kamay mo?”

Sabi niya, “Ang pisi!”

<sup>129</sup> Ang sabi, “Nasaan ang saranggola?” Ang sabi, “Hindi ko  
makita. Buweno, paano mo ba nalalaman na nagsasaranggola  
ka?”

<sup>130</sup> Sabi niya, “Nararamdaman ko; bumabaltak ito.” Kita n’yo?  
Sa dulo ng pising iyon ay may batayan. Sa kaniyang munting  
paraan, ang saranggolang iyon ang kaniyang batayan, kaya

masasabi niyang nagsasaranggola siya; bagama't hindi niya makita iyon, datapuwa't may hawak siyang isang bagay na nakakabit dito! Ganiyan nga ang isang tao, kapag naisilang siyang muli ng Espiritu Santo, may nahawakan siyang Isang Bagay na may angkla sa dako roon; at hindi siya mauuga ng mga bagyo. Alam niyang mabuti ang lagay niya; siya'y naka angkla. Tama!

<sup>131</sup> Ngayon, kung tayo'y nakasakay sa ating munting balat ng puno, inaanod ng taimtim na agos ng buhay... Tulad ng sinabing manunula na:

Ang buhay ay 'di isang hungkag na panaginip!  
 At ang kaluluwa ng patay ay nahihimbing  
 At ang mga bagay ay wari bang hindi gayon  
 kung ano sila  
 Ang buhay ay tunay! At ang buhay ay  
 nakatakda!  
 At ang puntod nito ay hindi ang hantungan  
 nito;  
 "Pagka't alabok ka, sa alabok magbabalik,"  
 Ay hindi ipinangusap sa kaluluwa.

<sup>132</sup> Oh, palagay ko'y napakaganda niyan. Ngayon, si Longfellow ang sumulat ng *Awit ng Buhay* na iyan. Kita n'yo?

Habang naglalayag sa taimtim na agos ng  
 buhay,  
 Para sa mapanglaw at kapatid na nagdurusa,  
 Sa pagtanaw, ay lalakas ang loob muli. (Kita  
 n'yo?)

<sup>133</sup> Ngayon, tayo'y nakasakay na, naglalayag sa taimtim na agos ng buhay; at si Cristo, sa barko sa gitna ng mga bagyo ng panahon... Kapag ang mga bagyo ay lumakas at nagbabanta, ako'y nagagalak na ako'y may Angklang humahawak sa loob ng tabing na sa lambong roon, kung saan; maging ang kamatayan mismo ay hindi makapagpapakalas sa iyo mula Rito. Nakatali ka sa iyong Batayan.

Si Cristo ang ating Angkla. Ano Siya? Siya ang Salita.

*Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa  
 Diyos, at ang Salita ay Diyos.*

*At ang Salita ay nagkatawang tao, at nanahan sa gitna  
 natin, . . .*

<sup>134</sup> Kung gayon kung alam nating ang ikinikilos natin ay angkop na angkop sa Salita, alam nating ang katuruan natin ay angkop na angkop sa Salita (walang idinadagdag o ibinabawas man, tanging ang Salita); at nakikita natin ang gayon ding resulta (na nasa ibang naka-angkla rin sa Salitang iyon) na naipapamalas sa ating buhay, kung magkagayon ay kakapit ang angkla mo. Ang Buhay ni Cristo na naitulad muli sa halos isang pagkakatawang



taong paraan sa pamamagitan mo gaya ng naganap kay Cristo, dahil iyon ay ang Diyos kay Cristo na ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang Sarili. . . At nakikita mo ang Diyos sa iyong sarili tinatanganan iyang gayon ding kilya sa Salita, katulad na katulad ginawa ni Jesus, at nakikita mo ang Buhay Niya. . .

<sup>135</sup> “Ang mga gawang aking ginagawa ay gagawin n’yo rin. Siya na sumasampalataya (hindi ang *nagkukunwang sumasampalataya*, siya na *nag-aakalang siya’y sumasampalataya*, kundi siya na sumasampalataya)—siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din niya.” Bakit? Siya’y naka-angkla sa gayon ding Bato. Ano nga ba ang Batong iyon? Ang Salita, sa tuwina! Ika’y nakaangkla roon.

<sup>136</sup> Ito’y ang iyong Hilagang Bituin kapag ika’y naligaw sa dagat. Alam n’yo, marami tayong mga bituin, datapuwa’t mayroon lamang iisang tunay na bituin, at hindi iyon kumikilos; iyon ay ang Hilagang Bituin, ’pagkat nakalagay iyon sa gitna ng mundo. Kahit ika’y nasa gawing likuran, sa gawing itaas, saan ka man naroroon, ang Hilagang Bituin na iyan ay sadyang gayon pa rin. Ito’y ang iyong Hilagang Bituin.

<sup>137</sup> Ngayon, nakita n’yo? Napakaraming bituin na nagpapalipat-lipat ng puwesto. Ngunit kung ika’y nasa isang— sa dagat, bakit, kahit sinong mandaragat, o sinumang mangangasong gumagalugad ng kagubatan, ay nakabatid na ang Hilagang Bituin ninyo ang inyong—ang iyong dapat kalagyan; iyan lang. Pakatapos, katulad ito ng iyong—iyong— iyong kompas. Hindi tuturo ang kompas mo sa Mars, o sa Jupiter, o saan man; tuturo ito sa Hilagang Bituin. Bakit? Iyan ang iyong batayan.

<sup>138</sup> Oh, naku! Pansinin, ang inyong batayan. Oh, may sasabihin akong isang bagay; nararamdaman ko itong parating. Pansinin! (Napakarelihiyoso ng pakiramdam ko ngayon, dahil ito ang katiyakan) Pansinin! Ang kompas mo ay makatuturo lamang sa Hilagang Bituin. Iyon lang ang tanging dakong maituturo nito. Kung ito’y isang totoong kompas laging tatama iyon sa Hilagang Bituin sa lahat ng pagkakataon. Tama ba ’yan? At kung taglay mo ang Banal na Espiritu, tuturo lamang ito sa Salita! Hinding-hindi ito tuturo sa isang denominasyon; Hinding-hindi ito tuturo sa isang kredo; Hinding-hindi lilihis ang pagturo nito kung saan; Ito’y matuwid na tuturo sa Salita! (Parang gusto kong sumigaw!)

<sup>139</sup> Pansinin, ito’y—ito’y isang bagay na nasa loob ng isang tao, tumitibok, kapag nakita mo ang iyong Bituin na sumisila’y sa gawi roon, si Jesus Cristo, ang Salita. At nakita mo ang Espiritu na nasa iyo ay hindi pumapayag na lumihis Ito sa kanan o sa kaliwa. Iyon lang ang nag-iisang makapag. . . Naparito Siya

upang kunin ang mga bagay ng Diyos at ipakita ang mga iyon, ipahayag ang mga iyon.

<sup>140</sup> At sinabi ni Jesus, “Gagawin niya ng tugmang-tugma ang mga bagay na sinasalita ko. Ipapahayag Niya sa inyo ang mga bagay na darating (ipapakita na sa inyo malayo pa man ang panahon, bago pa ito dumating dito, kita n’yo.) Kukunin Niya ang mga bagay na Akin at ipakikita ang mga iyon sa inyo. At pagkatapos, ay ipapakita Niya sa inyo ang mga bagay na darating.” (Juan 15).

<sup>141</sup> Makikita nating ipinapakita Niya ang mga bagay; at kinukuha Niya ang mga bagay na sa Diyos at ipakikita ang mga ito sa inyo; at ipapahayag Niya sa inyo ang mga bagay na sinabi ni Jesus. Sa ibang pananalita, gagawin Niyang malinaw ang bagay. (Ilagay muna natin ang daang iyan sa isang sulok ngayong gabi ‘pagkat iyan ang gagamitin natin mayamaya.) Itiniyak, ginagawang positibo iyan (kita n’yo?), kung magkagayo’y alam mo kung iyong—ang iyong Hilagang Bituin, na ang Salita sa kanino mang Cristiyano. . . Anumang bagay na salungat sa Salita. . .

<sup>142</sup> Tingnan n’yo! Hayaan n’yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Pakingggan n’yo itong maigi. Ito ang ganap na Banal na kapahayagan ng Diyos, ng Kaniyang kalooban, at ng pagdating ni Cristo; at lahat ng bagay ay nakapaloob sa Aklat na ito nang ganap na. At kung may hahatak sa iyo palayo Roon, itapon mo na ang kompas na iyan, ‘pagkat kredo lang iyan; iyan ay isa lamang organi-ito’y isang papel lang na dala-dala mo sa bulsa mo, nakasabit sa kuwerto mo, nakakuwadro; kredo ‘yan! Lalaki, hanapin mo ang kompas na magtuturo sa iyo sa Salita! Amen!

<sup>143</sup> Pansinin n’yo, nang tumama ang karanasang ito kay Pablo, nagtungo siya sa Egipto at sa Arabia kung saan at nag-aral ng tatlong taon. Luwalhati! Whew! Kinakailangan niyang maging positibo. At nang makita niya, nang turuan siya ng Banal na Espiritu nang salita sa salita, nagawa niyang isulat iyang Aklat ng mga Hebreo at ipinakita sa ang mga Hudyong iyon. Tiyak na tiyak! Bakit? Siya’y nakatuon; ang Kumpas na iyon ng Banal na Espiritu ang nagturo mismo sa kaniya sa Hilagang Bituin.

<sup>144</sup> Ngayon, kung may bagay sa iyo na humahatak sa iyo nang palayo Rito, mas makabubuting iwanan mo ito! Iya’y. . .? . . . Tuturo ito sa Kaniyang Salita, at tanging sa Kaniyang Salita, dahil ang Banal na Espiritu ay dumating upang ipahayag o pagtibayin ang pangako ng Diyos. Walang kredong makagagawa niyan; walang organisasyong makagagawa nito; walang kapangyarihan o ano mang bagay ang makagagawa nito, tanging ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Salita; at Siya ang Binhi.

<sup>145</sup> Ngayon, kumuha ka ng butil ng trigo, isang magandang butil ng trigo, ngunit hindi ito makapag—makagagawa ng anuman;

patay ito hanggang sa ang buhay ay pumasok dito, pagkatapos doon pa lang ito makapagbubunga ng maraming mga butil ng trigo. At si Cristo ang Buhay na iyon, iyang Batayan. Kung wala sa trigo ang Batayan na iyon, hinding-hindi ito tutubo. Kung wala sa trigong iyon iyang Batayan, kahit pa gaano ito kaganda sa labas, hindi ito mabubuhay, dahil walang ano man sa loob nito na maaaring mabuhay. Ngunit kapag nakuha nito ang Batayan na iyon, magagawa nitong tingnan sa mukha ang mga kritiko at magsabing, “Muli akong babangon.” Bakit? Dahil taglay nito ang Batayan. Naroroon ito; kailangang muli itong magbangon.

<sup>146</sup> At nang ito’y . . . “Kung kayo’y mananatili sa Akin, at ang Aking mga Salita ay mananatili sa inyo, kung magkagayo’y hilingin n’yo ang maibigan n’yo.” Iya’y ang Batayang iyon. Ngunit kung ang nasa inyo ay mga kredito at lahat ng iba pang bagay ay nakatali rito . . . Hindi maaaring paghaluin ang langis at tubig. Kahit pa kunin mo ito at wasakin ito hangga’t gusto mo; hinding-hindi talaga ito maghahalo, dahil dalawang magkaibang kemikal ito. At hindi n’yo magagawang ang kredito at ang Biblia, na salungat sa Biblia, ay paghaluin. Hindi n’yo magagawang ang denominasyon at ang isinilang na malayang relihiyon—o isinilang na malayang kaligtasan ay paghaluin, ’pagkat tiyak na, ang Diyos ay nakikipag-ugnay lamang . . . Sasabihin ko na rin ito kahit papano.

<sup>147</sup> Hinding kailanmn sisirain ng Diyos ang Kaniyang programa. Hindi Niya magagawang sirain, dahil Siya’y walang hanggan. At napagtanto ko, alam n’yo, ako — nagtutungo ito sa napakaraming tao. Kita n’yo? Ngunit hindi magagawang sirain ng Diyos ang Kaniyang programa. Hindi Siya maaaring gumawa ng isang bagay isang araw, at pagkatapos ay babaguhin iyon at gagawa ng isang bagay, sasabihing nagkamali Siya nang araw na iyon.

<sup>148</sup> Hindi nakikitungo ang Diyos sa mga grupo ng tao; ang Diyos ay nakikitungo sa isang tao, dahil iba-iba ang kaisipan ng tao; iba ang bumubuo ng kaniyang kalikasan. At kailangang kunin ng Diyos ang taong iyon, at lamukusin siya, at hatakin siya palabas ng kaniyang sarili, hanggang sa madala niya Siya sa Kaniyang kalikasan; at kung magkagayo’y makikitungo ang Diyos sa taong iyon.

<sup>149</sup> Tingnan lahat sa pagpapatuloy ng mga kapanahunan, si Noe at si Moises, ang mga propeta, walang dalawa sa kanila ang nagkasabay—iisa, laging isa hanggang pababa sa mga kapanahunan. Kaya, kung sasabihin mo, “Sa karamihan ng payo ay may kaligtasan” . . . Masdan ito!

<sup>150</sup> Tulad ng naipangaral ko rito hindi pa katagalan sa tabernakulo, naroon si Ahab; at naroon si Jehosapat at sila’y aahon sa Ramoth Gilead upang itulak pabalik . . . Ang katotohanan sila ay tama; sa kanila talaga ang lupain. At

ang—ang kaaway, na mga Siriano doon ay binubusog nila ang kanilang mga anak sa trigong dapat ay mga Israelitas ang kumakain—pag-aaring kaloob-ng Diyos. Kaya katotohanan ay tila mabuti. “Sumama kayo sa akin, at umahon doon, at itutulak natin sila palabas ng lupain.” Buweno, napakagandang pakinggan niyan; kung sa pagiging ang katotohanan ay tama iyon, ngunit ang mga kondisyon nito.

<sup>151</sup> Si Jehosapat, bilang isang mabuting tao, ay nagsabi, “Ngunit hindi ba dapat ay konsultahin natin ang Panginoon?”

<sup>152</sup> Siyempre, si Ahab, ang nanumbalik sa kasamaan na iyon, ay nagsabi, “Buweno, siya nga” (mananampalatayang may guhit-hanggan, alam n’yo na). Ang sabi, “Oh siya nga, dapat sana ay naisip ko iyon. Mayroon akong apatnaraang mga propetang Hebreo, apatnaraan silang pinakakain ko, inaalagaan sila. Sila ang pinakamahusay sa bansa. Ipatatawag natin sila.”

<sup>153</sup> At lahat sila’y sabay-sabay at nagkakaisang nagsabi, “Umahon kayo; ang Panginoon ay sumasainyo.” Kung pagiging pundamental ang batayan ay tama sila, datapuwa’t hindi nila nakuha ang Batayan na iyon.

Pagkatapos nang sabihin niya, “Hindi ba’t mayroon pang isa?” . . .

<sup>154</sup> Ang sabi, “Oo, mayroon pang isa, pero namumuhi ako sa kaniya.” Sabi niya, “Lagi na lang siyang nagsasalita ng masama tungkol sa akin (kita n’yo?), laging sinasabing. . .”

<sup>155</sup> Paano siyang makapanghuhula ng mabuti samantalang ang buong Salita . . .? Si Elias na nauna sa kaniya, ay nagsabi kay Ahab, “Didilaan ng mga aso ang iyong dugo.” Ngayon, paanong magagawa ng pinagtibay na propetang iyon ang magsalita ng anumang bagay na hindi kalooban ng Diyos? At kung paanong kakainin ng mga aso si Jezebel, at ang dumi ay maitatapon sa bukirin, upang hindi nila magawang sabihin, “Dito ay nakahimlay si Jezebel.” Kung may gayong sumpa sa isang tao, paano magagawa ninuman ang magpala?

<sup>156</sup> Ganiyan ang nagaganap ngayon. Paanong pagpapalain ng isang tao ang mga bagay na ito na siyang naglalayo sa mga tao mula sa Diyos sa tuwina? May isang bagay lang ang maaaring gawin. Kung kailangang tumayo kang mag-isa, sumpain mo ang bagay na iyon sa Pangalan ng Panginoon at panindigan mo ito, kung ang iyong batayan. . .

<sup>157</sup> At sasabihin mo, “Buweno, Kapatid na Branham, tinuturuan mong magalit sa iyo ang mga tao.”

<sup>158</sup> Iibigin naman ako ng Diyos. Iya’y—iya’y ang Batayan ko. Hindi maaaring sumandig sa bisig na laman, kailangang sumandig ka sa Salita, kung ano ang sinabi ng Diyos na gawin mo.

159 Paanong natiyak ni Micheas na tama siya? Naghintay siya; nagkaroon siya ng pangitain. May pangitain din naman sila, subali't ang pangitain ay hindi umangkop sa Salita. At ngayon ay ganito rin. Ihinambing ni Micheas ang pangitain niya sa Salita, at nakita niyang siya at ang Salita ay magkakampi. Ngayon, kung ang pangitain n'yo ay salungat sa Salita, iwanan n'yo ito, 'pagka't ito'y maling batayan. Ang Batayan ni Micheas ay akmang-akma sa Salita, kaya't nagawa niyang tumayo at sabihin, "Siya. . ."—ang sinabi niya siya at—at sampalatayanan ito. Nang sampalin nila siya sa bibig at sabihing, "Saang gawi nagtungo ang Espiritu ng Diyos?" Sabi niya, "Malalaman mo kapag nakaupo ka na sa pinaka loob na silid." Tama.

160 Sabi niya, "Kapag bumalik akong may kapayapaan. . . Ikulong ang lalaking ito sa pinakaloob na silid, at sa aking pagbabalik ng may kapayapaan," sabi ni Ahab, "haharapin ko ang taong ito."

161 "Oh, ngayon Micheas, paano na ito? Matatagpas ang ulo mo pagbalik niya!"

162 Tumayo si Micheas doong kasing tapang tulad ni Esteban (Amen!), kasing handa ng aking Panginoon nang siya'y lumakad patungo sa krus, kasing kalmante ni Daniel nang siya'y nagtungo sa kuweba ng mga leon, o ni Sadrach, Mesach, Abednego nang pumaroon sila sa hurnuhan. Walang pasubali! Tumayo siya roon at nagsabi, "Kung makababalik ka pa. . ." Bakit? Siya ay batayan. . . "Kapag makababalik ka pa, hindi nangusap ang Diyos sa akin. Pugutin mo ang ulo ko kung gayon."

163 Mayroon siyang isang Batayan. Batid niya na ang kaniyang Kompas, na siyang gumabay sa kaniya sa pangitaing ito, ay eksakto sa Hilagang Tala. Opo, ginoo! Ang angkla niya ay kumapit. Oo, mga Salita at Iyon lamang. . .

164 Kung ang iyong Batayan, kung mayroon kang isang Batayan sa iyong buhay. . .

165 May panahon noon kung kailan, alam n'yo, ang mga magandang kaugalian ay may batayan. Hindi ko maalala ang pangalan ng babaeng iyon, datapuwa't ang buong bansa ay nagtiwala sa kung ano'ng sabihin ng babaeng iyon. (Nalimutan ko ang pangalan niya. Sumusulat ako ng isang tala rito; hindi ko maisip ang pangalan ng babaeng iyon, kung ano iyon.) Datapuwa't dito ilang taon na ang lumipas kailangan nilang. . . Ang babaeng ito, kung anong sabihin niya. . . Kapag sinabi niyang gamitin ang kutsilyo sa kaliwang kamay, iyon na—iyon na ito; iyon na ang batayan. Siya ang—ang kasagutan sa lahat ng iyon. At kung ilalagay mo ang tinidor sa kaliwang kamay, kung magkagayon maling mali ka na. Ano nga ba ang pangalan niya? [Ang kongregasyon ay sumagot, "Emily Post"—Pat.] Oh, 'yun na nga, oo. Siya nga, siya na nga.

166 Ngayon, ikaw ay—ikaw ay batayan—at siya ay—siya ay batayan ng magandang kaugalian. Kinakailangan ito sa gayong paraan. Tulad, oh, maraming mga bagay ang masusumpungan natin tulad niyan. Ngunit napag-alaman nating ito’y wala na ngayon. Kumain ka sa paraang gusto mo. Opo, ginoo! Tama! Subali’t iyan ang batayan ng magandang kaugalian. Kailangan mo itong gawin sa gayong paraan.

167 May pagkakataon na si Adolf Hitler ang naging batayan ng Alemanya. Ano man ang sabihin niya . . . Pag sinabi niyang, “Talon!” tatalon sila; pag sinabi niyang, “Pumatay!” papatay sila. Milyung-milyong mga Hudyo, itinago niya ang kaniyang ulo. Nakita n’yo ba kung ano ang nangyari sa gano’ng uri ng batayan? Nagmistula itong kapangyarihan, datapuwa’t salungat ito sa Salita.

“Paano mo natiyak na ito’y salungat sa Salita?”

168 Sabi ng Diyos. . .Hindi ba si Balaam ang nagtangkang tanawin ang Israel upang sumapain ito, sabi niya, “Nakikita ko siyang tulad sa isang toro. Gaano katuwid ang iyong mga tolda. Sino mang sumumpa sa iyo ay masusumpa; sino mang magpala sa iyo ay pagpapalain.”

169 Tila dapat ay nakita iyon ni Hitler. Tila dapat sana’y nakita iyon ng mga Cristianong Aleman. Kita n’yo? Ang batayan na iyon. . .Salungat na salungat sa Salitang iyon. . . Alam n’yo, tulad ng nasabi na, “Ang tao—ginawa ng Diyos ang tao, subali’t gumawa ang tao ng mga alipin.”—ang isa’y nagsisikap na mamahala sa isa. Iisa ang Tagapamahala natin, iya’y ang Diyos.

170 Datapuwa’t si Hitler ay batayan ng Alemanya. Tingnan n’yo ito ngayon. Ngayon, nakita n’yo ba kung ano ang nangyari? Maling batayan iyon. Bakit? Salungat iyon sa Salita! At ngayon, nakita n’yo ba kung saan humantong ang lahat ng iyon? Sa kahihyan.

171 At kung ang iyong batayan ay nasa ilang organanisasyon, o ilang pakiramdam, o kung anong bagay na bukod pa sa Persona ni Jesus Cristo, hahantong ka rin sa gayon ding kahihyan, mas malala nga lang. Kita n’yo? Kung ang Batayan mo ay hindi si Cristo, iyon lamang ang pinakasentro ng buhay ng tao; at si Cristo ay ang Salita, hindi ang simbahan mo, o ang salita mo, kundi ang Salita. Kita n’yo? “Sa ibabaw ng Batayan na ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya”—sa ibabaw ni Cristo, ang Salita.

172 May isang pagkakataon na si Mussolini ang naging batayan ng Roma. Hindi ko alam, nakabasa marahil ako ng isang artikulo, o marahil ay nabasa ko iyon sa isang aklat, o kaya’y may nagsabi sa akin; datapuwa’t nang may kinakapanayam si Mussolini siya ay—siya ay—nais niyang dalhin ang Roma sa palakas—palakasan. At may malaking istatwa siya na dating nakatayo roon tungkol sa palakasan. Mabuti iyan! Ang Gresya ang nakaisip nito maraming taon na ang lumipas. Sinisikap lagi

ng Roma na magkaroon sila nito. Ang pagiging atleta ay mabuti, ngunit—ngunit—ang palakasan, ngunit—ngunit alalahanin n'yo, hindi niyan maaaring kunin ang lugar ni Cristo. Kahit gaano ka pa kalakas, walang kinalaman iyan dito. Siya ang lahat ng kapangyarihan.

<sup>173</sup> At nakita n'yo ba kung saan niya pinagsikapang itayo ang Roma? At sinikap niyang itayo ang Roma sa ibabaw ng bagay na iyon ng isang batayan; na siya ang batayan na iyon. At sinabi nila na isang araw ang kaniyang—ang kaniyang sasakyan—ay napaaga ng isang minuto ang kaniyang drayber, at binaril niya ito. Ang sabi, “Hindi ko sinabing narito ka na ng isang minuto bago mag ika-siyam; sabi ko, narito ka na nang ikasiyam!”—mahinang ulo! at binaril siya. Kita n'yo? “Ayokong narito ka na nang maaga ng sang minuto; ang gusto ko'y narito ka ng ikasiyam!” Kita n'yo? Tingnan kung anong batayan ang pinagsikapan niyang gawin sa kaniyang sarili. Ngunit nakita n'yo ba kung ano ang nangyari?

<sup>174</sup> Naaalala n'yo ba (marami sa inyong naririto, ang mga datihan, si Roy Slaughter marahil, at mas malaon pa riyang)—naaalala n'yo pa ba noon nang sabihin ko sa iyon ang tungkol sa hula? Isang araw doon sa gusaling Odd Fellow's, bago tayo malipat dito, sabi ko, “Si Mussolini ay hahantong sa isang kahiya-hiyang wakas.” Sabi ko, “Ang una niyang sasakupin, tutungo siya sa Ethiopia; at ang Ethiopia ay babagsak sa kaniyang paanan, ngunit hahantong siya sa kaniyang wakas, at walang tutulong sa kaniya; at sa kahihyan ay maililibing siya.” Hayan na nga siya.

<sup>175</sup> Sabi ko, “May tatlong ismo na lilitaw, ang nazismo, pasismo, at komunismo.” Sabi ko, “Ang mga ismong ito ay iinog at magsasanib sa isa; at iyon ay sa komunismo. Masdan! Ang Komunismo ang susunog sa Roma.” Kita n'yo? Manmanan ninyo ito. Ito'y isang kasangkapan sa kamay ng Diyos. Ang akala nila'y laban sila sa Diyos, at sila'y kumikilos mismo patungo rito sa lahat ng pagkakataon, at hindi alam ito, hindi nila ito namamalayan. Ginagamit lamang Niya ang mga ito bilang isang papet, isang kasangkapan sa Kaniyang kamay, tulad ng ginawa Niya kay Nabucodonosor at sa maraming iba pa.

<sup>176</sup> Ngayon pansinin! Kita n'yo? Ngayon may panahon na si Paraon ang batayan ng Egipto, pero tingnan n'yo kung nasaan na ito ngayon. Kita n'yo? Lahat ng ito ay mabibigo. Oh, maling uri iyon, kaya lagi silang nabibigo. Ang mga iyon ay mga batayan ng gawa-ng tao. Hindi ka maaaring sumandig sa batayang gawa-ng-tao, hindi mahalaga sa akin kung iyon ay isang—isang presidente, kung iyon man ay isang diktador, kung isa mang hari, kung ito'y isang iglesya, kung ito'y isang organisayon, kung ito'y may isang kredo, alin man sa mga bagay na iyon ay masisira, tulad lamang ng lahat ng mga batayan na kauri nito sa mga kapanahunan.

177 Maaari tayong tumingin pabalik...Tumingin pabalik! Tingnan ang taong nagtiwala sa mga emperador; tingnan n'yo ang taong nagtiwala sa mga diktador; tingnan ninyo ang mga taong nagtatag ng kanilang mga pag-asa sa ibabaw ng mga gayong uri ng batayan; *at tingnan kung nasaan na sila ngayon!*

178 Ngayon, bumaling tayo at tingnan naman natin ang mga taong naglagak ng kanilang pag-asa sa Biblia, sa ibabaw ng Salita ng Diyos at nanghawakan Dito bilang Batayan; tingnan kung nasaan na sila ngayon.

179 Si Pablo ay nagbigay ng maikling buod tungkol sa kanila sa mga Hebreo ika-11 kabanata; kung ano ang ginawa nila, kung paano nagapi nila ang mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, at iba pa; at nagpalabuy-laboy sila na ang suot ay balat ng tupa at balat ng kambing, na sa kanila ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan, naghihintay sa kaluwalhatian para sa dakilang Pagkabuhay na magmuling iyan, Kita n'yo? Mabuti! Sapagkat sila'y... Ang ilan sa kanila'y hindi—hindi nakapatamo nitong mga himala, at inialay pa rin nila ang kanilang mga katawan kahit papaano, inaabangan ang Pagkabuhay na mag-uling iyon. Upang wakasan na ang kanilang mga buhay, hindi nila pinagpahalagahan ito; nais nilang magpatuloy at isakripisyo ang kanilang mga sarili, upang mapasa kanila ang Pagkabuhay na mag-uling iyon; at iyon ang ginawa nila.

180 Ngayon, mga batayan...Pinag-uusapan natin... Batayan... Alam n'yo, ang Korte Suprema natin ay isang batayan. Ito'y ang batayan; ito'y ay—ang ito ang pangwakas ng lahat ng pagtatalo sa bansang ito. Iya'y tama. Ang kanilang desisyon ay isang batayan, sa ating Korte Suprema. Iya'y tama. Oh, alam kong minsan ay hindi natin gusto ito, ngunit ito'y—ito'y batayan pa rin. Opo, ginoo. Ano kaya kung wala tayo niyan, ano na kaya? Ngunit iya'y isang batayan. Tiyak na tiyak nga. Bakit? Iya'y—ang bansa natin ay nakatali riyan.

181 Kapag ang Korte Supremang iyon sa wakas ay gumawa ng kanilang pinaka-desisyon, iyon na ito; dooy wala... Saan ka pa pupunta pagkatapos niyan? Susunod ka sa kanilang desisyon, iyon lang; kailangan mo. Sila ang panghuling salita; sila ang “amen.”

182 Maaari mong subukan ito sa mga lokal na korte ng lungsod; maaari mong ipadinig ito sa mga mahistrado, at pagkatapos ay dalhin ito sa federal—sa lahat ng uri ng korte; at sa mga federal na korte; ngunit pag umabot na sa Korte Suprema, iyan na ito. Iya'y tama. Minsan ay ayaw nating—sabihin, “Buweno, hindi ko gusto ang naging desisyon nila,” pero subukin mo lang na takasan ito nang minsan. Iyan ang batayan ng bansa. At paano kung wala tayo nito? Oo.

183 Kailangan nating magkaroon ng batayan. Bawat isa ay dapat magkaroon nito. Mayroon ka nito. Ngunit ang sinisikap kong



sabihin sa inyo, sa mga panlikod na paglalarawang iyon at ipakita sa inyo kung ano ang mga batayan.

<sup>184</sup> Ngayon, ang Korte Suprema ng bansa ay ang batayan ng bansa. Iyan ang pangwakas na bagay sa anumang uri ng sigalutan. Sila ang umaayos nito. Ano mang sabihin nila, iyon na ito.

<sup>185</sup> May batayan sa isang palarong bola. Iyon ay ang reperi. Oh, siya nga! Minsan ay hindi rin natin nagugustuhan ang desisyon niya, ngunit ito'y—ito'y—ito'y ganiyan kahit papaano pa. Ang reperi, ang desisyon niya ang pangwakas na salita. Iya'y tama. Kahit pa ano ang sabihin ng iba; 'pag sinabi niyang ito'y istrayk, istrayk ito. Iya'y tama! Tiyak. Kahit ano pa ang sabihin ng iba, wala itong kinalaman dito. At isipin na lang natin. . . Kung ika'y. . . (Hindi ako nanonood ng mga palarong bola, pero mangyaring naisulat ko lang iyon.) Isang—ang reperi, siya ang batayan sa palaro ng bola.

Isa sa kanila ay maaaring magsabi, “Bol 'yon!”

Ang sabi naman ng isa, “Sinungaling ka!”

Sinasabi nito, “Hindi *ganoon* iyon; dapat ay *ganito* 'yon.”

Sabi ng reperi, “Istrayk!”

<sup>186</sup> Kita n'yo? Ang lahat ng iba ay babalik sa kanilang upuan at mauupo. Ito'y sasama ang loob, ng mga iba. Pero para kong nakikita na binu “boo” nila siya, sa puso nila at iba pa, pero “istrayk” pa rin 'yon kahit papaano pa. Bakit? Siya ang pangwakas na salita.

Ang sabi ng unang baseman, “Alam mo 'yon, lumampas 'yon!”

Ang sabi naman ng isa, “Alam mo kung ano. . .”

<sup>187</sup> Sasabihin niya, “Istrayk!” Iyon na lahat nito. “Tumahimik na kung gayon, tumungo na pabalik sa iyong dako.”

<sup>188</sup> Ano kaya kung walang reperi sa palarong bola? Naku, naiisip n'yo ba kung anong klaseng laro ang kalalabasan niyon? Ang isa sa kanila ay nagsabi, “Istrayk 'yon!”

Ang isa nama'y nagsabing *ganito*.

Ang isa nama'y nagsabing *ganoon*.

Ang sabi naman ng isa, “Sinungaling ka!”

<sup>189</sup> Magtatalu-talo sila at mag-aaway-away. Para makapagdaos ng palarong-bola, kailangang magkaroon ka ng batayan. At lalakad siya roon, at kahit pa hindi mo siya gusto o ano man, siya—siya pa rin ang batayan kahit papaano. Siya ang batayan; ang salita niya ay pangwakas. Kahit ano pa ang sabihin mo tungkol dito, *ganoon* na iyon. Ngayon, kung wala sila nito, ang buong laro ay hahantong sa kaguluhan. Tama ba iyan?

<sup>190</sup> Ano kaya ang kalalabasan ng isang bansa kung walang korteng federal? Kung walang Korte Suprema sa bansang ito, ano ang patutunguhan nito—saan tutungo ito? Ang bansa ay magkakagulo.

<sup>191</sup> At kung walang—kung walang reperi sa isang palarong bola, ito ay matitigil—hindi mo pa nagagawa ang unang paghagis, ay mayroon na kaagad makikipagtalo. May tatayo roon at marahil ay ang—talagang tumama naman sa plato, at ang sabi naman ng isa, “Oh, hindi! Hindi, hindi, hindi! Hindi nagawa niyan!” at ang mangyayari hayun na. Unang hagis pa lang ng bola, magtatalo na agad sila tungkol dito. Isa sa kanila ang nagsabi, “Istrayk ’yon!”

Sasabihin nila, “Hindi istrayk ’yon!”

<sup>192</sup> Kita n’yo? Kailangan magkaroon ka ng isang taong pinagtatalian ng larong iyon, at ito’y ang reperi. Kapag sinabi niyang, “Istrayk!” istrayk talaga iyon. Pag sinabi niyang, “Bol!” bol talaga iyon. Anumang sabihin niya, iyon ang mangyayari. Iyon na ito! At kung hindi, ay hindi ka magkakaroon ng laro.

<sup>193</sup> Hayaang ipakita ko sa inyo ang isa pang batayan. May pulang ilaw, isang pulang ilaw. Pag sinabi nitong, “Tigil!” ibig sabihin ay tigil! Kung tutuluyan mo ito, ay magbabayad ka para doon. Ngunit kung ang lungsod na ito ay walang mga ilaw dito, mga ilaw pantigil, anong klaseng lungsod kaya ang kalalabasan nito? Kailangang magkaroon ito ng batayan. Hindi mahalaga sa akin kung anong sabi ng pulis o nino mang nakatayo roon; pangalawa na lang sila.

<sup>194</sup> Kung may makapagpapatunay na nilampasan mo ang berdeng ilaw, hindi mahalaga sa akin kung anong sinabi ng pulis, mali sila. Pag sinabi ng ilaw; “Sulong!” ibig sabihin no’n ay sulong. Iyon ang batayan. Mapapatunayan mo na sinabi ng ilaw, “Sulong!” Maaaring nakatayo ang pulis kung saan, ang alkalde ng lungsod ay maaaring, naroon din kung saan, hindi iyon makapagbabago nito kaunti man. Kung may katibayan ka na iyon ay “sulong”, sumulong ka; at kung may babangga sa iyo, pagkakamali nila ’yon. Mapapatunayan mo ito. Iya’y tama. Kaya nating patunayan kung ano ang pinag-uusapan natin. Iya’y tama.

<sup>195</sup> Ngayon, ano kaya’t walang pulang ilaw? Ang isa’y tatakbo sa krosing, ito’y . . . Tingnan n’yo kung ano’ng mangyayari. Ang isa’y magsasabi, “Hoy, huwag mo akong harangan; nagmamadali ako. Kailangan kong pumasok sa trabaho; huli na ako ngayon. Dadaan na ako ngayon.”

<sup>196</sup> Ang sabi naman ng isa, “Sa palagay mo lang iyan, dahil ako ang unang dadaan, dahil ako ang nauna rito.” At para kong nakikita ang isang babae na bababa at aayusin ang kaniyang buhok.

197 Ano kaya kung wala tayong ilaw na pula? Hindi ba't magkakabuhol-buhol ang trapik!

198 Iyan ang nangyayari sa mga iglesya. Kita n'yo? Iya'y tama. Iyan ang dahilan kung bakit nagkakabuhol-buhol ang mga denominasyon natin. Tamang-tama iyan. Walang makarating kahit saan, sila'y nakatigil, nagtatalu-talo.

199 Narito ang Liwanag ng Diyos. Pag sinabi Nitong, "Sulong!" sulong. Pag sinabi Nitong "Tigil! Sapat na'ng layo nito!" kung gayo'y tumigil na. Iya'y tama. Diyan tayo nakabatay, Iyan, ang Salitang iyan, hindi sa kung ano ang sinabi ng isang lupon ng mga tao o sa sinabi ng iba pang lupon ng mga tao.

200 Sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya." Humayo tayo! "Humayo kayo sa sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang."

201 Alam n'yo, bagaman mabuti ang edukasyon, hindi kailan man hiningi ito ni Jesus. Iyan ay tama. Bagama't mabuti ang mga iglesya, mga gusali, hindi Niya kailanman hiningi iyon. Bagama't kay buti ng mga ospital. . . Tayo—ang mga iglesya ay nagtatayo ng mga ospital. Iyan ay mabuti, pinagpapahalagahan natin iyan, ngunit hindi Niya ito hiningi kailan man.

202 Sabi niya sa Iglesya, "Ipangaral ang Ebanghelyo." At ang Ebanghelyo ay naparito hindi sa Salita lamang, kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan at pagpapamalas ng Salita. Sinabi ito ni Pablo. Kung magkagayo'y humayo kayo at ipamalas ang Ebanghelyo. Oh, naku! Kung ito'y sa gayong paraan . . .

203 Oh, tayo ngayon ay nabubuhay sa isang panahon kung kailan ay nasa atin na ang pinakamahuhusay na mga duktor sa lahat. Nasa atin na ang pinaka mabibisang mga gamot na nasubukan na. Alam n'yo 'yan. At sinasaluduhan natin ang mga taong iyon; idinadalangin natin sila. Ginagawa ko ito, umaasa akong sana'y kayo rin. Ang mga taong iyon, na sa pamamagitan ng kanilang pang-unawa sa mga nararamdaman . . . Dalawang pandama ang maaari nilang gamitin, iyon ay ang paningin, at pandamdang, at sila—at pandinig. Gumagawa sila sa pamamagitan ng tunog ng puso, o ng—ng pagsalat ng tumor o ano man iyon, o sa pagtingin sa isang bagay na nakikita nila, ang pagkalat ng sakit, o—o isang bagay sa mukha na tumatakip sa mukha o sa ano mang bahagi ng katawan. Sila— sila ay gumagawa batay sa mga bagay na iyon. (kita n'yo?), dahil iya'y. . . Sinisikap nilang makakuha ng medisina, at sapat lang upang mapuksa ito, nang hindi ka mamamatay, at—at iba pa. Hindi sila. . . Trabaho nila ang gumawa batay doon. At pinahalagahan natin iyan; iya'y napakinam.

204 Datapuwa't, nasa atin na ang pinakamahusay na duktor, ang pinakamabisang gamot, pinaka mahusay na ospita, at higit na maraming sakit kaysa dati. Nasa atin ang higit na kawalan ng

pananampalataya kaysa alin mang panahon. Opo, ginoo! Iyan ay tamang-tama.

<sup>205</sup> Ang mga ministro ay nagsipag-organisa ng sa kanilang mga sarili, at nakabuo na sila ng mga naglalakihang denominasyon, at pinapapasok ang kahit ano na lang, at iba pa (at dahil lamang sa kahit ano ay nagsisigawa ng isang kasapi ng iglesya); at sila'y nahikayat na pumasok sa kung anong seminaryo, gaya ng isang pamisaan ng manok (at pinipisa sila sa pamamagitan ng isang— isang gilingan na nagluluwa sa kanila tulad niyan), at minsan ay walang kamalayan tungkol sa Diyos gaya ng isang Taong-gubat na walang kamalayan sa isang gabi sa Egipto. Pinadadaan silang tulad niyan, at ang. . . Hayan kayo. Kita n'yo!

<sup>206</sup> Oh, ang kailangan natin sa ating mga iglesya ay isang lalaking may isang Batayan! Ang kailangan natin sa isang iglesyang Metodista, sa iglesyang Baptist, sa iglesyang Pentekostal, sa iglesiyang Presbitaryan ay isang Batayan— isang lalaki ng Diyos na tatayong nakatali sa Salita at kay Cristo, at dalhin ang kongregasyon sa kalagayang iyon kung saan bawat bahagi ay lumalakad sa kondisyon ng Salitang ito, nakikitang naipapamalas ang Salitang iyan, lumalakip, “Ang mga tandang ito ay magsisilakip sa mga magsisisampalataya, sa buong sanlibutan.”

Sabi nila, “Lumipas na iyan.”

<sup>207</sup> Sinabi ni Jesus, “Humayo kayo sa buong sanlibutan; ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal.”

<sup>208</sup> Hindi pa natin naaabot ang buong sanlibutan, at napakalayo pa para maabot ang bawat kinapal. Gaano katagal? Sa buong sanlibutan. Kanino? Sa bawa't kinapal. Ano ang mangyayari? “Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya: Mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; sila'y magsisihawak ng mga ahas o magsiinom sila ng mga bagay na nakamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, sila'y magsisigaling.”

<sup>209</sup> Iyan ang Batayan na kumakapit doon, ang Salita, ang Hilagang Tala na iyon, ang kompas na iyan na nananatiling nakaturo mismo Rito. Iyan ang kailangan natin.

<sup>210</sup> Datapuwa't nagsilabas tayo at nagsipagtatag ng mga institusyon, inorganisa natin ang mga tao, nangalap ng mga kasapi, at nakipagtalo sa mga Baptist (dahil hindi sila naniwala sa paniniwala natin) at sa Metodista (dahil hindi sila ganito); at bumuo tayo ng mas malaking seminaryo, at nagtayo ng mas malalaking mga simbahan, at ng mas magagandang upuan, at mas malaking organ, at iba pa, at mga dumadalong higit na maayos ang bihis; kasama nila ang alkalde at ang lahat sa iglesya; at ano ang nakuha natin? Isang bunton ng kamatayan,

na nakatali sa isang makadenominasyong batayan! Kamatayan!  
Oh, huwag nawang itulot!

211 Kung mamatay man ako sa landas kong tinatahak, ang Batayan ko ay si Jesus Cristo; nakasandig Diyan ang aking paniniwala. Kung magsilabas ang lahat... May nagsabi—si Doktor Davis ay nagsabi sa akin, “Billy, pag ganiyan ang pangangaral mo, mga poste na lang ng simbahan ang matitirang pangangaralan mo.”

212 Sabi ko, “Ipangangaral ko ang Salita ng Diyos sa mga poste kung gano’n, ’pagkat magagawa ng Diyos ang magpalitaw mula sa mga posteng ito ng mga anak ni Abraham.” Tama! Ang Salita ng Diyos ay katotohanan!

Sabi, “Sa palagay mo kaya’y maniniwala sila sa iyo?”

213 Sabi ko, “Hindi ko na problema iyon. Ang trabaho ko ay manatiling tapat sa Salitang iyon.” Iya’y tama.

Sabi, “Sa palagay mo ba ay kaya mong harapin ang edukadong mundong tulad nito ng isang teolohiya ng—ng makalangit na pagpapagaling?”

Sabi ko, “Hindi ko iyon Makalangit na pagpapagaling, ito’y pangako Niya. Siya ang Siyang nagbigay ng utos.”

214 Oh, at naaalala ko pa nang bumaba Siya roon sa anyo ng malaking Liwanag na iyon, nakatayo roon sa ibaba ng ilog, 1933, Hunyo, nang sabihin Niya, “Kung—kung paanong si Juan Bautista ay isinugo at nagtanda ng daan at nagpauna sa unang pagparito ni Cristo, Aking isusugo Ka na may isang Mensahe sa sanlibutan upang magpauna sa ikalawang pagparito ni Cristo.” At sa buong mundo ay nakarating siya nang ang mga apoy ng rebaybal ay nagdingas sa loob ng labing limang taon sa halos lahat ng bundok. Makalangit na pagpapagaling sa iba’t-ibang bansa, at ang kapangyarihan, at pagsasauli, at ngayon, naniniwala akong siya’y handa na hagipin ang pangwakas na kasukpulan sa gawi roon, upang magpalitaw ng isang pananampalataya na Aagaw sa Iglesya tungo sa Kaluwalhatian; at Siya’y nakapaloob sa mga Mensahe! Totoong tayo’y nasa huling panahon na. Napag-usapan na natin ito at lahat na, subali’t ang bagay na ito ay kumilos na sa atin ngayon. Pakinggan n’yo ang mga ito! Opo, ginoo! Heto ang isa! Iya’y tama!

215 Ang pulang ilaw, gaya ng nasabi ko, inayos nito ang kaso! Yun lang. Ang pulang ilaw ang magsabi sa iyo kung sino ang dapat sumulong. Kahit ano pa ang sabihin nino man, ang mahalaga ay kung ano ang sinasabi ng pulang ilaw. Talagang magkakaroon ka ng buhol na trapiko kung hindi mo gagawin ito, kung hindi mo papansinin ang pulang ilaw. Kailangang may isang batayan. Opo, ginoo!

216 Tulad ng sa Iglesia, dapat ay may isang Batayan. Sa mga tao sa iglesia, kailangan n'yong magkaroon ng batayan. Ngunit ngayon ang bawat iglesia ay may kani-kaniyang batayan. Kita n'yo? Hindi nila sinusubukang kunin . . .

“Kaming mga Baptist ay *ganito* ang paniniwala!”

“Kaming mga Metodista ay *ganito* ang paniniwala!”

“Kaming mga Presbiterian ay *ganito* ang paniniwala!”

“Kaming mga Pentekostal ay *ganito* ang paniniwala!”

217 Mabuti 'yan, pero bakit hindi n'yo kunin ang kabuuan Nito? Anong nangyari sa kabuuan Nito?

“Kaming mga Baptist ay naniniwala sa paglulubog.”

218 Iya'y mabuti; Paano naman ang bautismo ng Espiritu Santo, ngayon? Paano naman ang pagsasalita sa mga wika? Paano naman ang mga kaloob ng pagpapagaling? Paano naman ang propesiya?

219 “Oh, hindi! Hindi kami naniniwala; iyan—iyan ay para sa ibang panahon.” Oh, naku!

Mga Pentekostal, sinasabi n'yo, “Buweno, kami'y naniniwala sa pagsasalita ng ibang wika bilang katibayan.”

220 Tiyak, ang pagsasalita sa ibang wika ay mabuti, ngunit hindi pa rin iyan ang katibayan. Maraming tao ang nagsasalita sa ibang wika (totoo 'yan), at hanggang doon lang ang abot nila. Kaya ang diablo ay kayang gayahin ang ano mang taglay nitong kaloob, ano mang kaloob na nasa Biblia.

221 Sabi ni Pablo, “Bagaman ako'y magsalita ng mga wika ng tao at mga Anghel, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin bilang isang hain; bagaman ipagbili ko ang lahat ng aking tinatangkilik upang mapakain ang mga dukha, at bagaman magkaroon ako ng pananampalataya na anupa't mapalipat ko ang mga bundok; bagaman ako'y pumasok sa mga seminaryo at matuto ng lahat ng kaalamang maaaring matutunan, wala pa rin akong kabuluhan.”

222 Ito'y ang Persona ni Cristo. Cristo! Tanggapin Siya; at hindi mo Siya maaaring tanggapin nang hindi tinatanggap ang Kaniyang Salita. Kailangang mauna ang salita; kung magkagayon ay tutungo ang Buhay sa Salitang iyon at magpapahayag sa Salitang iyon.

223 Hindi ba sinabi ni Jesus, “Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung magkagayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan?” Iyon ay ang Salita ng Diyos na naipahayag. Ang Diyos ay na kay Cristo, ipinagkakasundo, ipinapahayag ang Kaniyang Sarili sa sanlibutan, kung ano Siya. Iyon ang—iyon ang Batayan. Iyon ang Walang Hanggan na Batayan doon.

224 Pagkatapos ay sasabihin mo, “Iyan ba ang Walang Hanggan Kapatid na Branham?” Iyon nga! “Kung gayon ano naman ang sa araw na ito?”

Sinabi ni Jesus, “Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din niya.”—ang gayon ding Batayan. Mabuti!

225 Bawat isa ay may kani-kaniyang sariling batayan. Oh, naku! Ito’y katulad na katulad sa mga kaarawan ng Mga Hukom: bawa’t isa ay ginawa kung ano ang tama sa kaniyang pananaw. Sa kaarawan ng Mga Hukom bawat isa ay may kaniyang sariling—kaniyang sariling batayan. Ginagawa niya kung ano ang ibig niyang gawin, at ganiyan din ang nangyayari ngayon. Ang bawat tao ay tama ang gawi sa kaniyang sariling paningin.

226 Ngayon, alam n’yo ang dahilan kung bakit ganoon sila sa Mga Hukom? Maaaring magulat kayo rito ng kaunti. Ngunit ang dahilan kung bakit ganoon sila sa Mga Hukom, ay dahil walang propeta sa mga araw na iyon na madadatnan ng Salita ng Panginoon, kaya bawa’t isa ay gumawa ng maibigan niyang gawin sa kaniyang paningin.

227 At ganiyang—ganiyan ang naganap sa araw na ito. Wala tayong propeta sa mga araw na ito ng mga denominasyon, subali’t nangako ang Diyos sa atin ng isa. Kita n’yo, kita n’yo? Ginawa niya. Sa huling mga araw ibabangon Niya at susuguin si Elias pabalik sa eksena muli, at ipanunumbalik niya ang puso ng mga anak pabalik sa pananampalataya ng mga ama— pabalik sa orihinal na Pentekostes. Alam n’yong sinabi Niya iyon!

228 At alam kong tutukuyin n’yo, katulad din ng ginawa Niya doon kay Juan (doon sa—at sa Mateo ika-11 kabanata at ika-6 na talata, sa paniwala ko ito nga) nang sabihin nila, “Sino ba sa palagay mo ang lalaking ito, itong si Juan?”

229 Sinabi niya, “Kung matatanggap n’yo ito, ito yaong naipangusap, ‘Narito aking isusugo ang Aking mensahero sa Aking unahan.’” Iya’y Malakias 3, hindi Malakias 4. Ngunit alalahanin, kung iyon ang Malakias 4, kung magkagayon ay bigo ang Salita, dahil sabi Niya na sa panahong ito ay masusunog ang buong mundo, at ang mga matuwid ay lalakad sa mga abo ng masasama. Ngayon! Huwag n’yong paghaluin ito, mga kapatid; gawin n’yo Ito kung paano Ito sinalita. Iya’y tama. Ipinangako Niya ito sa huling mga araw, at ito’y magaganap sa kalagitnaan.

230 Alalahanin, nang ang Mga Hukom, ginawa ng bawat tao ang paraang kaniyang maibigan. Walang sino mang tao, walang taong makapagbigay-buhay sa Salitang iyon. Walang propeta. Ang Salita ng Panginoon ay laging dumarating sa propeta (iya’y tama), at sa tuwina’y kamumuhian siya. Maliit na kalipunan lang ang iibig sa kaniya! At... Kita n’yo? Pero ang nais kong sabihin, laging may gano’n.

<sup>231</sup> Hindi binabago ng Diyos ang Kaniyang patakaran; Hindi maaari at manatiling Diyos. Pag may sinabi o ginawang anuman ang Diyos, dapat ay gawin Niya rin ito sa susunod na pagkakataon. Kapag dumating ang krisis na iyon, kung hindi Siya kikilos sa ikalawang pagkakataon nang katulad ng una Niyang ginawa, nagkamali Siya sa unang pagkakataon. At sino ba ang magpapatang sa Diyos na mali ang ikinilos? Sino ka para magpataw ng kasalanan sa Diyos? Iyan ang sinabi ni Jesus: “Sino sa inyo ang makasusumbat sa Akin tungkol sa kasalanan?”

Ano ang kasalanan? Kawalan ng Pananampalataya. “Ang hindi sumasampalataya ay nahatulan na.”

<sup>232</sup> “Sino sa inyo ang makapagpapakita sa Akin na hindi Ko natupad ang lahat ng dapat gawin ng Mesiyas?” Kita n’yo? Walang nagsalita ng isa mang salita. Natupad Niya; ang Mesiyas ay isang Propeta, at napatunayan Niyang gayon nga Siya. Hindi sila nagkaroon ng propeta sa loob ng daan-daang taon, mula pa kay Malakias, at heto’t lumitaw Siya sa eksena. Siya ay mistulang hiwaga sa mga tao at isang batong katitisan sa kanilang iglesya, ‘pagka’t sabi Niya, “Narito inilalatag ko sa Zion, ang isang Batong Panuluk, isang mahalagang Bato, subok na, oh, isang batong katitisan. (Oo!) Datapuwa’t ang sino ang sumampalataya sa Kaniya ay hindi mapapahiya.” Iya’y tama. Humay Siya. At sila’y . . . Natupad ng sadyang tamang-tama ang Kasulatan. Subali’t yaong mga nagsisampalataya sa Kaniya ay may Batayan.

<sup>233</sup> Ang munting si Martha, nang makita niya si Lazarus na umahon sa libingan, natukoy niya kung Sino Iyon. Maging bago pa man Nito gawin iyon, mayroon na siyang batayan ng pagkakilala, “Ako’y sumasampalataya na Ikaw ang Anak ng Diyos na paririto sa sanlibutan. Kahit ngayon, bagama’t patay na ang aking kapatid, bigkasin lamang ang salita; gagawin ito ng Diyos.” Amen! Siya’y ganap na positibo. Iya’y tama.

Nang siya . . . Sinabi iyon, at mula iyon sa kaniyang puso, sabi Niya, “Saan n’yo siya inilibing?”

Sabi, “Halika at tingnan.”

<sup>234</sup> Doo’y tumayo Siya taglay ang isang pangitain, ‘pagka’t sabi Niya, “Wala Akong ginagawang ano man malibang ipakita muna sa Akin ng Ama” (San Juan 5:19).

Isinugo Siya mula sa—nilisan ang bahay ni Lazaro. Ipinasundo nila Siya upang siya’y makapanalangin. Alam Niyang mamamatay si Lazaro; at makalipas ang sukat ng panahon, ay sinabi Niya, “Ang kaibigan nating si Lazaro ay natutulog.”

Sinabi nila, “Mabuti pala ang lagay niya!”



235 Sabi Niya, “Patay na siya; at alang-alang sa inyo ay nagagalak ako at wala ako roon.” (Matagal na nila Siyang pinakikiusapang manalangin para sa kaniya.) Pagkatapos ay nagbalik Siya, nagsabi, “Ngunit paroroon Ako upang gisingin siya.” Oh, naku! Hindi, “Paroon Ako upang tingnan kung ano ang Aking magagawa,” “Paroroon Ako upang gisingin siya.” Bakit? “Ipinakita na sa Akin ng Ama kung ano ang dapat gawin.”

236 Pumaroon sa libingan. Doo’y nakatayo ang isang Tao; doo’y nakatayo ang Diyos sa laman, na makapagsasabi sa bato, “Malusaw ka!” at malulusaw ito; ngunit sinabi Niya sa mga babaeng iyon, ang abang mga munting babaeng iyon, munting mga dalaga, sabi, “Alisin ninyo ang bato!”

237 Mayroon ka ring dapat gawin. Kita n’yo? At pinagulong nila ang bato; at nahilo sila, nangangamoy na siya. Doo’y tumayo siya roon. Oh, naku! Parang nakikita kong itinuwid Niya ang Kaniyang balingkinitang kaha (dahil ang sabi ng Biblia ay walang ano mang kagandahan na mananais natin sa Kaniya; Hindi Siya masyadong magandang pagmasdan. Kita n’yo?)

238 Tulad lamang ni David. Nahirang siyang hari nang siya’y munting bata pa lamang. Kita n’yo? Ang lahat ng mga malalaking kahalakihang iyon ay nagsabi, “Hindi ba’t bagay na bagay sa kaniya ang magsuot ng putong sa kaniyang ulo?”

“Heto ang mas matanda kong anak,” sabi ni Jesse.

Wika ni Samuel, “Tinanggihan siya ng Diyos.” Pinatawag ang lahat ng anak niya.

Sabi, “Wala ka na bang iba pang anak?”

239 “Mayroon pa kaming isa, pero hindi siya magmumukhang hari. Aba, napakaliit niya, kubado ang balikat, batang-bata pa ang hitsura ng batang iyon.”

240 “Ipakuha mo siya!” At kaagad habang siya’y siya’y lumalagak papalapit sa harapan ng propetang iyon, lumukob sa kaniya ang Espiritu. Nagmadali siyang lumapit hawak ang langis at ibinuhos iyon sa kaniyang ulo, ang sabi, “Ito ang inyong hari.” Iyon na ito! Opo, ginoo!

241 At si Jesus ay nakatayo roong hukot ang balikat, marahil, namumuti na ang buhok samantalang wala pa Siyang tatlumpung taong gulang. (Ang Biblia ang nagsabi na marahil ay para na Siyang apatnapung taong gulang.) Ang sabi ng mga Hudyo, “Ika’y isang taong wala pa ngang—hindi pa hihigit sa limampu ang gulang mo, at sasabihin mong nakita mo na si Abraham?”

Sabi Niya, “Bago pa si Abraham, Ako nga.” Naku, oh, naku! San Juan 6.

242 Pagkatapos ay nasumpungan natin, narito’t nakatayo Siya sa may libingan. Alam Niyang kailangan munang tamaan

Siya ng pangitaing iyon, alam na dapat magkagayon. “Alisin ninyo ang bato!” Nangangamoy na Siya, nababalutan ng telang panlibing, apat na araw nang patay; lumubog na ang kaniyang ilong, sa loob ng panahong iyon.

<sup>243</sup> Doo’y tumayo Siya roon; itinuwid ang maliit Niyang katawan, “Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay! Ang sumasampalataya sa Akin; bagama’t siya’y patay, siya’y mabubuhay.” Ituro mo sa akin ang isang lalaki na makapagbibitiw ng gayong pangungusap! “Ang sino mang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay kailanma’y hindi mamamatay! Sumasampalataya ka ba rito?”

<sup>244</sup> Sabi niya, “Opo, Panginoon!” Bagama’t parang binigo Niya siya, samantalang, ang magpatawag siya, hindi Siya dumating, nagpatawag siyang muli; hindi Siya dumating. Ngunit dito ay sinabi niya, “Alam kong Ikaw ang Cristo na paririto sa sanlibutan.”

<sup>245</sup> Sabi Niya, “Lazaro, magbangon ka!” At ang taong apat na araw nang patay . . . Bakit? Ano? Taglay ni Cristo ang Batayan. Nakita Niya ang pangitain; hindi ito maaaring mabigo. Iya’y tama. Hindi iyon mabibigo! Siya’y tiyak na tiyak.

<sup>246</sup> At si Marta ay tiyak na tiyak! Kung magagawa niyang ipakilala sa Kaniya kung ano ang paniwala niya tungkol sa Kaniya, makukuha niya ang kaniyang kahilingan! Tama! Hayun sila, ang Batayan; nakatali iyon sa Salita; at iyon na ito.

<sup>247</sup> Bawa’t tao ngayon ay gumagawa ng bagay na sa tingin niya ay mabuti, dahil walang propeta.

<sup>248</sup> Tingnan n’yo sa mga kaarawan ng mga Hukom. Tingnan ito! Sa mga araw na (sa paniwala ko’y si Elias iyon o si Eliseo, isa sa kanila, Oo!) na ang patay na batang iyon . . . Ang—ang babaeng Shunamita, siya ay gumawa . . .

<sup>249</sup> Si Elias ang tao ng Diyos sa araw na iyon, hindi ang kung sinong matalinong guro. Bakit, isa siyang matandang lalaking lumalakad na nag-iisa. Siya’y iyong . . . Basta darating sa— darating sa pintuan mo ngayon malamang na palayasin mo siya. Ang buong bansa ay galit sa kaniya. Si Jezebel at ang lahat sa kanila ay galit sa kaniya, sapagka’t ang kaniyang— naupo siya sa Bahay na Puti at pinasunod niyang lahat ang kababaihan sa kaniyang gawi; at lahat sila’y nagsigaya sa kaniya; at— at si Ahab ay pinaikot—ang ulo niya’y pinaikot ng kaniyang kapangyarihan. Hindi tayo gaanong nalalayo rito ngayon, halos ay gano’n din; at hayon—hayon ka na. Silang lahat ay sa pagiging popular at lahat—lahat sila ay nagpalalo.

<sup>250</sup> Datapuwa’t ang munting abang matandang Shunamita (hindi pala Shunamita kundi munting—oo, paniwala ko’y Shunamita nga siya), nang dumating siya at nakitang ang kapangyarihang iyon ay na kay Elias, sabi niya, “Napagtanto kong siya’y isang taong banal.” At nang ang batang iyon ay

bangkay na nakahiga roon, sabi niya, “Sakyan mo ang molang iyan at huwag na huwag kang titigil!” Nagpunta siya roon. . . Alam Niya. . . At gusto ko ’yan, ang paraan ng pagdating niya; nakarating siya sa kaniyang batayan, ang kaniyang posteng pinagtatalian.

<sup>251</sup> Wika ni Elias, “Heto na ang Shunamitang iyon. Siya’y nagdaramdam, subali’t hindi ko alam kung ano ang mali.” (Kita n’yo, hindi ipinapakita ng Diyos sa mga lingkod Niya ang lahat ng bagay, iyon lang nais Niyang malaman nila.) Kaya’t sabi niya, “Ang puso niya’y nagdaramdam, ngunit hindi ko alam.” Sabi niya, “Takbo, alamin mo, Giezi, at tingnan mo kung ano ang mali.”

<sup>252</sup> Sabi niya, “Lahat ba’y mabuti sa ‘yo? Lahat ba’y mabuti sa iyong asawa? Lahat ba’y mabuti sa iyong anak?”

<sup>253</sup> Tingnan n’yo siya. Oh, naku! Ito na iyon. Sabi niya, “Lahat ay mabuti.” Bakit? Narating niya ang kaniyang batayan. “Lahat ay mabuti.” At siya’y lumuhod. . . Nagpatirapa muna siya sa kaniyang paanan, at itinayo siya ni Giezi. Hindi nararapat iyan sa harap ng kaniyang—kaniyang panginoon, itinayo niya siya; at pinasimulan niyang sabihin sa kaniya.

<sup>254</sup> Ngayon, wala pa siyang batayan ngayon. Alam niyang may kapangyarihan siya sa pamamagitan ng pangitain upang ibigay sa kaniya ang bata, ngunit ngayon, ano’ng magagawa niya? Kinuha niya ang kaniyang tungkod at pumasok sa silid, inilagay—ipininid ang lahat ng pinto, pinalabas ang lahat. Nagpalakad-lakad siya sa silid. Mayroong siyang isang Batayan kung makakaugnay lang sana niya Ito. Pabalik-balik, nagpalakad-lakad siya sa silid. Oh, naku! Bigla na lang may naramdaman siyang tumama sa kaniya; dinaganaan niya ang bata, muling tumayo, lumayo. Ang—ang sanggol ay parang kumilos, nag-init. Tumayo siyang muli nagpabalik-balik; hindi siya nakakuha ng magandang pagkakaugnay sa Batayan. “Ano ba iyon, Panginoon? Ano ba ang ipinagagawa Mo?”

<sup>255</sup> Walang duda nang bumalikwas siya, nakakita siya ng isang pangitain: ang munting batang iyon ay nagtatatakabong naglalaro, nagluluksong lubid, marahil ay parang gano’n—naglalaro. Dinapaan niya ang sanggol; idinikit ang ilong niya sa ilong nito, ang mga bibig niya sa mga bibig nito; at ang Kapangyarihan ng Diyos ay bumangon sa bata at siya’y nabuhay. Ano iyon? Ang batayan ng babae ay isang propeta; ang batayan ng propeta ay ang Diyos. At kasama ng Salita, “Ako ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Buhay, ang kapangyarihan ng Diyos, ang Manlilikha.” . . .? . . . Muli siyang nagbangon, ang sanggol.

<sup>256</sup> Tiyak! Ang dahilan ng bawa’t isa ay gumawa ayon sa kani-kaniyang paraan, ay dahil walang propeta roon na daratnan

ng Salita ng Panginoon. Ang Salita at ang mga propeta ay nawawala sa araw na iyon.

257 Oh, nakita ko na ito nang ako'y mapagbago, ang tungkol sa araw na kinabubuhayan natin. Lubos akong nagagalak na nahawakan na ako ng Diyos bago pa ako mahawakan ng iglesya. Marahil ako ay naging isang hindi mananampalataya (opo, ginoo!), Ako—ang lahat ng pinaghalu-halong kalat na ito at bawa't isa. “Buweno, halina kayo rito at sumapi na kayo sa amin. At kung hindi, buweno, maaari mo nang kunin ang sulat mo at doon ka na lang sumapi sa kabila.” Oh!

“Maaari mo bang dalhin ang sulat mo sa aming pagtitipon?”

258 Naniniwala akong may iisang sulat lang; iyon ay kapag isinulat ni Cristo ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Iyon lang ang kinalalagyan nito.

259 Nang makita ko ang lahat ng mga denominasyon. . . Ang pinagmulan namin ay Irish, na dating Katoliko, at nakita kong iyon ay bulok na at bugok pa. Nagpunta ako sa isang makadenominasyong iglesya rito sa lungsod; sabi nila, “Oh, kami ang daan, ang katotohanan, ang ilaw; nasa aming lahat iyon.”

Nagpunta ako sa isa pa sa New Albany. “Oh, naku! Ang mga tao sa dako roon hindi nila alam kung ano'ng sinasabi nila.”

Sabi ng mga Katoliko, “Mali kayong lahat.”

Sa loob-loob ko, “Oh, naku!”

260 Nakipaglaro ako sa isang batang Lutheran, at naisip ko— isang munting Alemang Lutheran; Pinuntahan ko siya at sabi ko, “Saan ka pumupuntang simbahan?”

“Nagsimula ako sa iglesyang *iyon*.”

261 Nagpunta ako roon, at nalaman kong inaangkin nilang sila ang daan. At ako'y naparoon kay Kapatid na Dale, sa Emmanuel Baptist, o sa First Baptist; sabi nila, “*Ito* ang daan.”

262 Pagkatapos ay nagpunta naman ako sa iglesyang Irish, sabi nila, “Ngunit *ito* ang daan.”

263 “Oh, naku! Litung-lito na ako; Hindi ko malaman ang gagawin. Ngunit nais kong mapabuti!” Hindi ko alam kung ano ang gagawin, at hindi ko alam kung paano magsisi. Gumawa ako ng sulat. Naisip ko, “Nakita ko Siya sa kagubatan.” Sinulatan ko Siya, sabi ko:

Mahal na Ginoo,

Alam kong dumaraan ka sa landas na ito 'pagkat nauupo ako ritong nanghahanting ng mga eskwired. Alam kong dumadaan Ka rito, at alam kong naririto Ka. Nais Kitang. . . nais kong magsaysay sa Iyo ng isang bagay. . .

264 Naisip ko, “Ngayon, sandali lang. Ako—hindi pa ako nakakita ng sinomang hindi ko. . . Nais kong makipag-usap sa

kanila; Ako—nais kong mangusap sa kanila. Ako—nais kong makipag-usap sa Kaniya.” Naisip ko, “Buweno ngayon, hindi ko alam kung paano gagawin ito.”

<sup>265</sup> At ako’y lumabas doon sa lilim at lumuhod, may tubig, basang-basa at ang maliit na lumang kotse ay naroroon at wasak na wasak. At sabi ko, “Sa paniwala ko ay nakakita ako ng isang larawan . . . Paniwala ko ay inilagay nila ang kanilang mga kamay nang *paganito*,” at ako’y lumuhod. At nagsabi ako, “Ngayon, ano ang sasabihin ko?” Sabi ko, “May ibang paraan para magawa mo ito, at hindi ko ito alam. Alam kong may paraan para lapitan ang lahat ng bagay, at hindi ko . . .”

<sup>266</sup> Sabi ko (inilagay ko ang kamay kong *paganito*)—sabi ko, “Mahal na Ginoo, nawa’y pumarito Ka at makipag-usap sa akin ng isang saglit lang. Nais kong sabihin sa Iyo kung gaano ako kasama.” (*Nakaganito* ang kamay ko.) Nakinig ako. Sabi ng mga tao . . . Nakipag-usap sa akin ang Diyos, at alam kong nagsalita Siya, ‘pagka’t narinig ko na Iyon nang ako’y bata pa, ng nagsalita sa akin na huwag uminom at iba pa. Hindi Niya ako sinagot.

<sup>267</sup> Sabi ko, “Marahil dapat ay ipuwesto ko nang *ganito* ang kamay ko.” Kaya sabi ko, “Mahal na Ginoo, ako’y—hindi ko talaga alam kung paano ko dapat gawin ito, ngunit ako’y—umaasa akong Iyong . . . Maaari Mo ba akong tulungan?”

<sup>268</sup> At bawat mangangaral ay nagsasabi sa akin na sumapi sa kanila, at tatayo sila’t magsasabing tinanggap nila si Jesus Cristo, at sinasampalatayanan nilang si Jesus ay ang Anak ng Diyos. Gayon din ang paniwala ng mga Diablo, kaya naisip ko, “Ako’y—kailangan kong makakuha ng isang bagay na higit na mabuti kaysa riyon.” Kaya ako’y nakaupong *paganito*.

<sup>269</sup> Nabasa ko kung saan si Pedro at Juan ay dumaan sa pintuan kung tawagin ay Maganda, at may isang lalaki roon na pilay na mula pa sa sinapupunan ng kaniyang ina. Sabi, “Pilak at ginto ay wala ako, datapuwa’t ang nasa akin . . .” Oh, batid kong wala sa akin iyon.

<sup>270</sup> Kaya’t sinusubok ko na—na tuklasin kung paano itong gawin; hindi ko alam kung paano manalangin. Inayos ko ang aking mga kamay; pagkatapos ay nahiga akong *paganito*. Siyempre, si Satanas ay dumating sa eksena, sabi, “Kita mo na? Masyado nang naging mahaba ang paghihintay mo. Dalawampung taong gulang ka na; hindi mo na kailangang sumubok pa ngayon. Tapos ka na . . .”

<sup>271</sup> Nang magkagayon ay bumigay na ako at nagsimulang umiyak. At pagkatapos, nang ako’y totoong bumigay na, sabi ko, “Ako’y magsasalita. Kung ayaw Mong mangusap sa akin, magsasalita pa rin ako sa Iyo kahit papano.” Kaya ako’y—sabi ko, “Walang kabutihan sa akin; Ikinahihiya ko ang aking sarili! G. Diyos, alam kong didinggin Mo ako kung saan. Naririnig mo

ba ako, at ikinahihiya ko ang aking sarili; Ikinahihiya ko na kinalimutan Kita!”

<sup>272</sup> Sa pagkakataong iyon tumingala ako, at may naramdaman akong kakatwang damdamin sa kabuuan ko. Biglang dumating ang isang Liwanag na kumilos sa silid at lumikha ng isang krus, tulad niyan; at isang Tinig na hindi ko pa narinig sa tanang buhay ko, ay nangusap. Tiningnan ko Ito, nanlamig ang buong katawan ko, namanhid, sindak. Hindi ako makakilos. Tumayo, tiningnan ko Ito; at Ito’y lumayo.

<sup>273</sup> Sabi ko, “Ginoo, ako—hindi ko maunawaan ang lengguwahe Mo.” Sabi ko, “Kung hindi Ka makapagsalita ng lengguwahe ko, at ako’y—at hindi ko maunawaan ang Iyo... At kung napatawad Mo na ako, alam kong dapat akong bumatay sa krus na iyon, kung saan ay—ang mga kasalanan ko ay dapat sana’y nakalagak doon. At kung—at kung patatawarin Mo ako, bumalik ka lamang at mangusap ka lamang sa Iyong sariling lengguwahe. Mauunawaan ko sa pamamagitan niyan, kung hindi Ka man makapagsalita ng lengguwahe ko.” Sabi ko, “Itulot na magbalik Itong muli.”

<sup>274</sup> Hayun na naman Itong muli. O, anong kabutihan! Doon ay nakakuha ako ng Batayan. Amen! Opo, ginoo! Nakadama ng tila may—may apatnapung toneladang bigat na nawala sa aking mga balikat. Lumakad ako sa daanang kahoy na iyon, halos hindi sumayad sa lupa.

Ang sabi ni inay, “Billy, nininerbiyos ka.”

Sabi ko, “Hindi po, Inay, hindi ko po alam kung anong nangyari.”

<sup>275</sup> May daang-riles doon; nagtatakbo ako sa riles na iyon nang naglulundag sa hangin sa abot ng kaya ko. Hindi ko alam kung paano kong palalabasin ang nararamdaman ko. Oh, kung alam ko lang sanang sumigaw! Sumisigaw ako pero sa sarili kong paraan. Kita n’yo?

<sup>276</sup> Ano iyon? Naiangkla ko na ang kaluluwa ko sa isang Dako ng Kapahingahan. Iyon ang nag-ayos nito; iyon ang aking Batayan. Doon ay nasumpungan ko ang isang bagay, hindi ang kung anong maka-alamat, kung anong kaisipan. Nakausap ko ang Lalaking iyon. Nakausap ko ang Lalaking iyon na nagsabi sa aking huwag na huwag akong iinom, o maninigarilyo, o gagawa ng anumang bagay na makarumi sa akin—sa mga babae at iba pa; na kapag ako’y sapat na gulang ay may ipagagawa sa akin. Nakaharap ko Siya, hindi ang iglesya; nakaharap ko Siya—Siya! Opo, ginoo! Siya yaong Isa.

<sup>277</sup> Gaya ng isang tao rito sa Kiwanis, o sa—na nagsalita hindi pa nagtatagal... Pagkaraan ng Unang Digmaang Pandaigdig (si Kapatid na Funk na nakatayo roon, bilang isang sundalo)—sinabi niya na siya ay... (Ito’y isang munting—tila parang pagbibiro. Ito’y hindi isang dako para sa pagbibiro, subali’t heto

ang kaniyang sinabi. Siya'y narito sa New Albany.) Sabi niya, "Inilabas kami ng kapitan, sabi, 'Ang buong bayan na 'yan ay sakop na ng mga Hapon. Bukas, mga Bata, ay papasukin natin; kailangan nating kunin sila.' Sabi niya, 'Tandaan, mga Bata, marami sa atin na nangakatayo rito ngayon na wala roon bukas. Wala na sila rito bukas; papasukin natin, sa umaga ng madaling araw.' Sabi, 'Ngayon, pumunta na ang bawa't isa kaniyang sariling relihiyon.'"

<sup>278</sup> Sinabi ng lalaking ito, "At wala akong anumang relihiyon." At sinabi, "Sabi ko. . ." Sabi, "Nakatayo ako roon, at ang iba sa kanila. . ." Sabi, "Narito ang isang kapelya, pumunta sa gawing *ito*; isang Protestante pumunta sa gawing *ito*, at ang Hudyo ay pumunta sa gawin *ito*, at ang isang Katoliko ay pumunta sa gawing *iyang* na kasama ang kanilang kapelyan." Sabi, "Nakatayo ako roon."

At sinabi, "Ang—ang namumunong opisyal ay nagsabi sa akin, sabi, 'Iho, mas mainam na pumunta ka na sa 'yong relihiyon.'"

Sabi niya, "Anuman ay wala ako."

<sup>279</sup> Sabi niya, "Mainam pang kumuha ka na, 'pagka't kailangan mo ito ngayon; tiyak ko."

<sup>280</sup> At pagkasabi niya sa oras na yaon, nakita niya na nagdaraan ang isang langkay ng Katoliko. Sabi niya siya'y sumabay at sinabi sa paring ito, "Maaari mo na akong bigyan ng isang relihiyon?"

At sinabi niya, "Halika!"

<sup>281</sup> Sabi, "pumasok siya at gumawa ng isang Katoliko mula sa akin." (At doon sa New Albany naroon si John Howard at ang isang langkay ng mga tunay na maharlika ng mga Katoliko na nangaroroon, alam n'yo, nang sinasabi ito ng lalaking ito.) At sinabi niya—sabi niya, "Nang sumunod na araw doon sa labanan. . ." Isinalaysay niya ang tungkol sa, oh, kung papaano ito at sabi (siya'y isang malaking tao, alam n'yo)—at sabi nakipagbuno sila. At sadyang nagsasaksakan sila sa pamamagitan ng mga patalim, at nagsisigawan, at nasusugatan, at naglalaslan. Sabi nagpaliku-liko ang mga linya, at sila'y nakapaikot sa bawa't isa. Hinayaan sila ng mga Hapon lumakad papunta roon, gaya niyan, at ang kanilang naglalakihang mga masinggan ay pumuputok mula sa magkabilang panig—isang kamay sa kamay na labanan.

<sup>282</sup> Sabi, "Tuwiran, ako'y tumigil ng matagal na gaya *nito*. . ." At nagsabi, "Ang bawat bagay, ay sumisigaw at nagpapatuloy, hindi mo marinig ang iyong sarili." Sabi, "May dugo." Sabi niya, "Tiningnan ko, at ito ay ang aking dugo!" Sabi, "Tumingin ako *rito*. Mayroong isang butas sa aking tagiliran." Sabi niya, "Iyan ay sarili kong dugo." Sabi, "Ako. . . Alam n'yo, Ako. . . Ako. . . Ako. . ."

283 At ang isang tunay . . . At, isang kaibigang Katoliko, sinasabi ko lamang ito para—para katuwaan ngayon. Datapuwa't ang isang tunay, isang maharlikang Katoliko ang nagsabi—nagsabi, “Binigkas mo ba ang ‘Abe Maria?’ ”

284 Sabi niya, “Hindi, ginoo!” Sabi, “Iyan ay sarili *kong* dugo. Hindi ko kailangan ang sinumang sekretarya. Sabi ko, ‘Ibig kong kausapin ang pinakapangunahing Tao.’” Sabi, “Iyan ay—iyan ay sarili kong dugo.”

285 At naisip ko iyan talaga ang nararapat. Oo, ginoo! Ganyan talaga ito. Kailangan talaga na mayroon tayong isang posteng pinagtatalian, isang Batayan.

“Wala na akong panahon para sa Kaniyang sekretarya,” sabi niya, “Ibig kong makipag-usap sa Kaniya.”

286 At hayan na, kapatid. Kung ang isang tao ay lalapit kay Cristo, hindi mo nais na kunin ang salita ng ilang mangangaral, ang salita ng ilang sekretarya, ng ilang anumang bagay pa. Kayong mga Protestante, huwag kunin *ito*, *iyang*, o *iba pa*; pumaroon ka sa Batayan na 'yan hanggang sa ikaw ay maiangklaron sa pamamagitan ng muling kapanganakan, bilang bagong kapanganakan, at puno ng Espiritu Santo, at nakikita mo na ang Biblia ay naisasakatuparan sa kababaan at pag-ibig sa iyong buhay. Oh, kung gayon iyan ang iyong Batayan. Oo, ginoo!

287 Nabasa ko sa Kasulatan kung saan Siya ang Salita. Nang sabihin ng iglesyang Alemanya, “*Ito* ang daan,” at ang Metodista, at ang Baptist, at ang Katoliko . . . Datapuwa't nabasa ko sa Salita, kung saan ay sinabi Niya, “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kanya.”

288 Makinig ngayon, sa pagtatapos. Ngayon, ang sabi ng Protestante . . . Ngayon, ang sabi ng Katoliko itinayo Niya ito kay Pedro. “Ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito . . .” Hindi, hindi Niya! Kung gayon, ito'y bumalik sa kasamaan agad ito. Kung itinayo nila ito sa ibabaw ng isang tao. Ano ang Kaniyang ginawa?

289 Ang sabi ng mga Protestante itinayo Niya ito sa Kaniyang sarili. Hindi! Hindi Niya ginawa! Hindi Niya ito itinayo sa Kaniyang sarili. Ano ang ginawa Niya?

“Ano бага ang—Ano бага ang sabi ng mga tao, Ako, ang Anak ng tao?”

Anang ilan, “Ikaw ay si Elias, at si Moises.”

Sabi Niya, “Datapuwa't ano ang sabi *ninyo*?”

Sabi ni Pedro, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Buhay na Diyos.”

290 Masdan ang mga salita ngayon. “Mapalad ka, Simon, na anak ni Jonas; hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo



(hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng ilang pari; hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng ilang seminaryo), datapuwa't ang Aking Ama na nasa Langit ang nagpapahayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito (ang espirituwal na kapahayagan ng Salita), ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kaniya."

<sup>291</sup> Naisip ko, "Panginoon, iyan nga." Nabasa ko rito sa Aklat ng Apokalipsis, ika-21 kaba—ika-22 kabanata, kung saan sinabi Niya, "Sinuman (ito ang kabuuan ng bagay)—sinuman na maglalagay ng anumang bagay Dito; sinumang mag-aalis ng anumang bagay mula Dito (tanggihan Ito), o sinuman na magtangkang pagandahin Ito ng kaunti, pakintabin Ito sa araw; sinumang magdagdag o magbawas, gayundin ay aalisin, ang kaniyang bahagi, mula sa Aklat ng Buhay."

<sup>292</sup> Sabi ko, "Kung gayon iyan lang lahat ang kailangan ko, Panginoon, ay ang paniwalaan *Ito*. At *Ito*, ang krus na iyon doon, na naparito ang Cristo." Ito'y sakdal ng lubusan, ang bawa't salita na Kaniyang sinabi. Kunin ang Aklat sa kamay na *ito*, ang kasaysayan sa kamay na *ito*, at sadyang tuwirang napatunayan mismo ng patuloy, sadyang sakdal. At sabi ko, "Kung gayon, Panginoon, tanggapin ako!" At nang aking ginawa, tinanggap ko si Cristo, ang Banal na Espiritu, sa aking puso, ang aking Batayan. Hindi na ako ang dati.

<sup>293</sup> Nagkasakit ako minsan ng ang aking—nang mamatay ang aking asawa; nang mamatay ang aking sanggol; oh, nang mamatay ang aking ama, at nawala ang aking kapatid na lalaki, at mamatay ang aking hipag. At si Billy ay nakaratay, agaw-buhay, at—at sadyang bibigay na ako...Naglalakad ako sa kalsada na umiiyak, patungo sa libingan ng aking asawa (at siya at ang sanggol, at ang sanggol na nasa kaniyang mga bisig)—patungo sa libingan. Ako'y naglalakad; si Ginoong Isler (na nakagawiang pumarito at maglaro, alam n'yo, ang Senador ng estado ng Indiana), siya'y naglalakad din sa kalsada. Siya'y tumigil, at tumakbo sa dako roon at niyakap niya ako (iyon ay pagkatapos bumaha noong '37); sabi niya, "Saan ka pupunta, Billy? Doon ba?"

At sabi ko, "Oo!"

Sabi niya, "Ano ba ang gagawin mo doon?"

<sup>294</sup> Sabi ko, "Pakikinggan ko ang isang matandang kalapati." Sabi ko, "Uupo ako roon sa libingan ng sanggol at ng aking asawa. Isang matandang kalapati ang pumaparoon, at siya'y nangungusap sa akin, Mr. Isler."

"Oh," sabi niya, "Billy!"

Sabi ko, "Oo! Naririnig ko ang bulong ng mga dahon nang nilaro nila ito. Tumugtog ito ng musika para sa akin, Mr. Isler."

<sup>295</sup> Sabi, "Ano'ng uri ng musika ang tinutugtog?" Sabi ko,

Mayroong isang lupain sa dako pa roon ng ilog  
 Na tinawag nilang matamis na  
 magpasawalang-hanggan,  
 At mararating lamang natin ang pampang na  
 iyon sa pamamagitan ng pananampalataya;  
 Isa-isa sinapit natin ang daungan,  
 Upang manahanan doon na kasama ang mga  
 walang kamatayan.  
 Sa araw na yaon na kanilang pakalebangan  
 ang gintong mga kampana para sa iyo at sa  
 akin.

<sup>296</sup> Sabi niya, “Billy, may bagay akong ibig itanong sa iyo.” Sabi niya, “Ano ba ang kahulugan ni Cristo sa ‘yo ngayon? Ano ang kahulugan ni Cristo sa iyo?’”

Sabi ko, “Siya ang aking Buhay, ang Lahat sa akin. Siya ang lahat na mayroon ako, G. Isler. Siya ang aking—aking Pangkatapusan; Siya ang lahat na maaari kong panghawakan.”

Bakit? Mayroong bagay na magaganap.

Sa ibabaw ng batong ito . . .

<sup>297</sup> Sabi, “Nakita kita na nakatayo rito sa sulok at nangaral hanggang sa tingin ko ikaw ay gaya ng patay na babagsak. Nakita kita sa buong oras ng magdamag, na nasa mga kalye na tinatawag ang mga may sakit. At matapos Niyang kunin ang sarili mong asawa at ang sarili mong sanggol, ay pinaglilingkuran mo pa rin Siya?”

Sabi ko, “Kung patayin Niya ako, nagtitiwala pa rin ako sa Kaniya.”

<sup>298</sup> Bakit? Ang Aking Angkla nakahawak sa tabing; mayroon akong isang Batayan. Nakabigkis ang aking sarili sa Kaniyang Salita, at ang Kaniyang Salita ay nakahawak. Siya ang aking Batayan. Natagpuan kong ang ibang mga bagay na ito ay mabibigo, datapuwa’t si Cristo ay hindi mabibigo.

<sup>299</sup> Ang iglesia Katolika ay mayroong papa bilang isang batayan; may mga obispo naman ang Protestante, at ang kanilang mga kredo, at ang kanilang mga pangkalahatang tagapangasiwa, datapuwa’t ako, gaya ni Pablo . . .

<sup>300</sup> May lapis ba kayo? Isulat ang ibang bagay! Sa . . . wika ni Pablo sa mga Gawa ika-20 kabanata at ika-24 na talata, “Wala sa mga bagay na ito ang nakapagpakilos sa akin.”

<sup>301</sup> Oh, maaari silang magkaroon ng mga kredo; maaaring magkaroon ka anuman ang iyong naisin, datapuwa’t ang mga bagay na yaon ay hindi ako mapakikilos!

Nakadaong ang aking kaluluwa sa dako ng kapahingahan,  
 Upang maglayag sa mabangis na karagatan  
 (Hindi ko alam kung nasaan ka na, sa daang *ito*, sa daang *iyon*) maglayag pa;  
 Ang bagyong mabagsik ay maaaring humihip sa ibabaw ng marahas na kalaliman,  
 (Maaaring lumubog ang lahat)  
 Datapuwa't kay Jesus ako'y ligtas magpakailan man.

<sup>302</sup> Oo! Wala sa mga bagay na ito ang nakapagpakilos sa akin, sapagka't ako'y nakatali sa isang Angkla.

<sup>303</sup> "Oh, mula nang makatagpo ko Siya," wika ni Pablo, "sa daang yaon, ibinigkis ako sa isang Angkla. Pinabaling Niya ako; Pinasimulan Niya akong ituwid." Natatandaan n'yo ba, si Pablo'y kabilang din sa isang organisasyon, (ang pinakamalaki sa lupain), datapuwa't ibinigkis siya sa Batayan.

<sup>304</sup> Makinig! May bagay na nais kong sabihin sa inyo. Mayroon Siyang layunin sa pagliligtas sa akin; mayroong Siyang layunin sa pagliligtas sa 'yo. At determinado ako, sa pamamagitan ng Kaniyang kalooban, na gawin ito, hindi ang dagdagan Ito o bawasan Ito (Apokalipsis 22:19, kung nais ninyong isulat iyan). Mabuti! Sinumang magbawas...Ako'y determinado (isinasaayos ko na ang paglisan sa simbahan, at alam n'yo iyan) at kaya ako'y determinado na sadyang mananatili sa Ebanghelyong ito habang ako ay nabubuhay, sa tulong ng Diyos.

<sup>305</sup> Tandaan! Narito ang biyaya. Milyon ang nangamamatay sa kasalanan nang iligtas Niya ako. Sino ba ako upang iligtas Niya? Mayroong Siyang layunin sa pagliligtas sa akin, at ako'y determinado upang dalhin ang layunin na iyan. Walang anuman sa akin; ito may ay maging katapusan ko na marahil na malapit na ngayon. Datapuwa't anuman ito, ako'y naka-angkla pa rin. Hindi nagbabago ito.

<sup>306</sup> Sinabi sa akin ni G. Isler sa araw na yaon, na naglalakad sa kalsada; sabi niya, "Billy, sa lahat ng kaguluhang ito iniingatan mo pa ang iyong relihiyon?"

<sup>307</sup> Sabi ko, "Hindi, ginoo, ito ang nag-iingat sa akin." Kita n'yo, kita n'yo? Ang aking Angkla'y nakakapit. Iya'y tama. Hindi ko ito iningatan; ito ang nag-ingat sa akin. Hindi ko ito maiingatan; walang paraan para sa akin upang gawin ito, datapuwa't ito ang nag-iingat sa akin. Iyan na nga.

<sup>308</sup> Mayroon Siyang layunin sa pagliligtas sa akin. Milyon ang nasa kasalanan nang ako'y pumaroon sa Kaniya, datapuwa't iniligtas Niya ako. Mayroon Siyang layunin sa paggawa nito. Ang kamatayan ni Cristo ay isang Batayan sa pagkatakot dito.

<sup>309</sup> Ang kamatayan ni Cristo ang sumagot sa katanungan. Nang ang bubuyog ng kamatayan na iyan ay kagatin Siya at ibaon

ang tibo . . . Alam n'yo, ang isang bubuyog—isang insekto na may tibo, kung maibaon ang tibo na iyan sa—sapat sa lalim, kapag nabunot ito, nabubunot ang tibo mula dito. Palaging may tibo ang kamatayan.

<sup>310</sup> Laging may tibo ang kamatayan, at isang araw nang iyan—pumaroon sa Kalbaryo, at ang pagbubunguan ng mga batong iyan, ang dugo ay dumadaloy sa mga bato . . . Nang tamaan nito ang lupa sa Kalbaryo, patungo sa Golgotha, ang hulihan ng krus na iyon ay kinakaladkad ang duguang mga bakas ng paa ng maliit na iyon, mahinang katawan na patungo, na naglalakad doon, (hinahampas nila at nililigis Siya habang paakyat Siya sa burol); datapuwa't mayroon Siyang isang Batayan. Alam Niya kung saan Siya nakatayo, sapagka't sinabi ito ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ni David, “Hindi Ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan; ni hindi Ko iiwan ang Kaniyang kaluluwa sa impierno.”

<sup>311</sup> Alam Niya na ang kabulukan ay dumarating pagdating ng pitumpo't-dalawang oras; Wika Niya, “Igiba ninyo ang templong ito, at itatayo Ko sa tatlong araw.” Mayroon siyang isang Batayan!

<sup>312</sup> Naroon Siya paakyat sa burol na may pangungutya ng masa, na may dura ng mga lasing na kawal na naglagay ng basahan sa Kaniyang mukha, at pinalo Siya sa ulo, at sinabi, “Ikaw ay isang propeta, hulaan mo kung sino ang pumukpok sa ‘yo!” Naroon Siya paakyat sa burol sa kahihyan at kadustaan upang—Hinubad ang Kaniyang mga damit, binalewala ang kahihyan, nakabitin sa krus sa harapan ng mga tao, nakahubad; naghihingalo sa kadustaan ng Romano sa ilalim ng pangunahing kaparusahan ng pamahalaan, isang Tao na wala namang ginawa.

<sup>313</sup> May isang munting kuwento minsan na nagsabi na si Maria Magdalena ay pumaroon at nagsabi, “Ano ba ang Kaniyang nagawa? Pinagaling ang inyong karamdaman, binuhay ang patay, at nagdala ng kalayaan sa mga—nasa pagkabihag. Ano ba ang Kaniyang nagawa?”

<sup>314</sup> At isang saserdote ang sumampal sa kaniyang bibig, hanggang sa tumilamsik ang dugo, at nagsabi, “Pakikingingan n'yo ba siya o ang inyong dakilang saserdote?” Oh, iyang daigdig na denominasyonal; ito'y isang sumpa sa lahat ng ito. Iyan na. Naroon ito.

<sup>315</sup> At kinuha nila Siya. Datapuwa't habang Siya'y papaakyat sa burol na kinakaladkad . . . Ang diablo'y laging mag-aalinlangan dito, Siya bilang kung ano Siya. Sabi, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos, gawin ngang tinapay ang mga batong ito. Sinasabi Mong nakakagawa ka ng mga himala. Kung ikaw ang Anak ng Diyos, sabihin sa mga batong ito na maging tinapay.”

316 Ang siya pa ring matandang diablo na iyan ay buhay ngayon. Iya'y tama. "Kung ikaw ay isang makalangit na manggagamot, narito ang matandang si Juan si *Kuwan at kuwan* na nakaupo rito sa sulok; alam kong siya'y lumpo; pagalingin mo nga siya!" Hindi n'yo ba alam ito'y ang siya pa ring matandang diablo?

317 Sabi ni Jesus, "Ginagawa ko lamang..." Masdan! Pumaroon Siya sa lawa ng Bethesda kung saan libo-libo ang nangaroroon, lumpo, bulag, pilay, at natutuyo, at pumaroon sa isang lalaki na nakakalakad. Maaari siyang maglibot; maaaring siya'y may sakit na loslos. Anuman ito, ito ay retarded (tatlumpo't-walong taon na niya ito dinadala). Sabi niya, "Kapag ako'y naparoroon sa lawa, mayroon nang nauna sa akin." Nakakalakad siya. Iniwan ang lahat nang nangaroroon, at pumaroon sa nag-iisang iyon, at siya'y pinagaling. Bakit?

318 Sabi Niya alam Niya na siya ay nasa gayong kalagayan. Kaya sinabi nila sa Kaniya inusisa Siya nang matagpuan nila Siya (San Juan 5); Wika Niya, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, walang magagawang anuman ang Anak sa Kaniyang Sarili, datapuwa't ayon sa ginagawa ng Ama na Kaniyang nakikita..." Naroon ang Kaniyang Batayan. Iyon pa rin ang Batayan.

319 Nakatayo doon sa Finland nang araw na yaon, at naroon ang isang batang lalaki na nakahiga, at pumaroon ako sa kaniya na patay na nakahandusay doon, (kalahating oras na itong patay. Nabasa n'yo sa aklat)...Nagpasimula na akong lumisan; may parang naglagay ng kanilang mga kamay. Lumingon ako; naisip kong, "Ano 'yon?" At nilingon kong muli. Naisip kong, "Sandali lang!" Tiningnan ang isang pahina ng Biblia, "At mangyayari, isang batang lalaki na siyam na taon ang gulang...Siya'y mamamatay sa pamamagitan ng isang sasakyan. Magkakaroon ng mahaba't makitid na evergreen, ang mga bato ay nakasalansan doon; ang kotse ay nakabalandra sa ibayo ng kalsada, wasak. Magkakaroon siya ng mga munting medyas gaya — na nakataas, may masagwang gupit; at ang kaniyang munting mga mata ay nakatirik; ang mga buto sa kaniyang katawan ay mangababali."

Tiningnan ko; naisip ko, "Oh, Diyos!"

320 Sabi ko, "Manatili kayong lahat na nakatayo!" (Naroon ang punong bayan ng lungsod.) Sabi ko, "Kung ang batang iyan ay hindi tatayo sa kaniyang mga paa sa loob ng dalawang minuto mula ngayon, ako'y isang bulaang propeta. Isakay n'yo ako at paalisin dito sa Finland." Walang pag-aalinlangan! "Datapuwa't kung magkagayon, ipaubaya n'yo ang inyong mga buhay kay Cristo." Iya'y tama. Nananatili silang nakatayo.

Sabi ko, "Amang Makalangit, doon sa ibayong dagat, dalawang taon na ang nakalilipas, sinabi Mo na ang batang ito ay mahihiga rito..."

<sup>321</sup> Naroon si Kapatid na Moore at Kapatid na Lindsay, at nakatingin sila doon. At kahit saan, at naisulat nila ito sa Biblia; at libu-libong mga Biblia sa lupain ang nakapagtala nito. Ano ito? Isang Batayan.

Ipinakita na nang Ama kung ano ang magaganap. Walang anumang takot na nakatayo roon—Batayan. Tiyak, siya’y babangon.

<sup>322</sup> Doon mismo sa Finland, kung saan libu-libong mga tao ang dumadalo gabi-gabi, (at kailangang lumabas ang ilan upang—makaupo naman ang iba; ilabas sila at ipasok naman ang iba), naroon siya na nakatayo na kasama. . . Ang lahat— mahal ako ng mga tao. At nakita nila ang mga pagpapagaling, datapuwa’t narito ang isang bata na nakahigang patay. Ano ang Batayan? Ang pangitain. “Ginagawa ko ang anumang sinasabi ng Ama na gawin. Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang aking ginagawa ay gagawin din niya.” Naroon ang inyong Batayan.

<sup>323</sup> Sabi ko, “Kamatayan, hindi mo na siya kayang pigilan; Nangusap ang Diyos! Bumalik ka; ibigay mo na siya!” At bumangon ang munting bata at tumingin sa palibot na gaya niyan; ang mga tao ay halos himatayin at bawa’t bagay.

<sup>324</sup> Naroon ito, isinulat doon at nilagdaan ng punong bayan ng lunsod, sa pamamagitan ng isang notario publiko. Iya’y tama! Ano iyon? Isang Batayan. Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, at ngayon, at magpakailan man. Kung hindi pa iyan ang Diyos na nagpatigil sa babaeng na mula sa Nain na may—na dala niya ang kaniyang anak.

<sup>325</sup> Kapag may namatay sa mga araw na yaon, kaagad nila itong inililibing; hindi na nila ito pinatatagal; inilalagay na nila ito sa libingan. Naroon ang Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Oo!

<sup>326</sup> Tingnan doon sa Mexico nang ang munting sanggol (ang ilan sa inyo na nakahiga rito—naka-upo rito), at ang sanggol na iyon (lumagda ang duktor sa isang pahayag; ito’y naisulat sa Christian Business Men), ang sanggol na iyon ay namatay nang umagang iyon sa ganap na ika-siyam, at ito’y ika-sampu na ng gabing iyon. At ang babaeng iyon ay hindi matahimik. Nakatayo roon si Billy, ang aking anak, sinisikap na pigilin siya, at mayroon siyang. . . Buweno, sila, sa pakiwari ko, sila’y mayroon dalawang daan na mga tagahatid na nangakatayo roon; at siya’y aakyat sa ibabaw nila. Noong isang gabi, ang bulag na iyon ay tumanggap ng kaniyang paningin; at alam niya iyon. (Siya ay isang Katoliko.) Datapuwa’t sa kahuli-hulihan, sabi ko, “Pumaroon ka, Kapatid na Moore, at ipanalangin mo siya, sapagka’t ang sanggol na iyon. . .” Umuulan noon, bumubuhos, sila’y nangakatayo roon mula pa noong umaga (doon sa malaking ruweda ng toro). At sabi ko. . . (Ibaba ninyo

ako sa kabila ng mga lubid upang mapunta sa lugar na iyon; naroroon lamang sa loob ng tatlong gabi.) Nakatayo ako roon, at sabi ko, “Habang sinasabi ko . . .” (nangangaral) at tumingin; nakakita ako ng isang munting sanggol dito sa aking harapan, isang munting sanggol na Mexicano—na walang mga ngipin, sadyang naroroon, na nakatawa sa akin—na nasa aking harapan mismo. Sabi ko, “Sandali lang, Kapatid na Moore, dalhin mo ang babaeng iyan dito.” Oh, Batayan!

<sup>327</sup> Nagbigay daan ang mga tagahatid; narito siya. Siya’y nagpatirapa at nagsabing, “Padre, Padre!”

Sabi ko, “Tumayo ka!”

At sinabi ng Kapatid na Espinoza, “Tumayo ka (kinausap niya ito sa wikang Kastila).” Tumayo siya roon.

Sabi ko, “Makalangit na Ama, ako’y nakatayo rito sa ulan na ito . . .”

<sup>328</sup> Isang kaaya-ayang munting babae na mga dalawampu’t tatlong taong gulang, bagay na gaya niyan, nakalugay ang kaniyang buhok, ang kaniyang munting mukha ay nakatingin pataas na gaya niyan, may pagtingin sa kaniyang mga mata—umaasa; nakita niya ang lalaking iyon na bulag sa loob ng apatnapung taon, nangabuksan ang kaniyang mga mata doon sa entablado. Alam niyang kung ang Diyos ay nakapagbubukas ng bulag na mga mata, mapapagaling din Niya ang kaniyang sanggol. Naroon siya’y nakahimlay doon, sa isang munting matigas na bagay na nakalagay sa ilalim, ng isang kumot na gaya niyan, at ito’y basang-basa. Siya’y nakatayo na roon nang buong umaga at gayon din ng hapong iyon. Naroon ito ay mga ika-labing isa—ika-sampung ng gabing iyon, bagay na gaya niyan, na hinahawakan ang sanggol na iyon (nakita n’yo ang lathala sa Christian Business Men’s) doon, na hinahawakan ang sanggol na gaya niyan.

<sup>329</sup> Sabi ko, “Makalangit na Ama, hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin nito. Ako’y iyong alipin lamang, datapuwa’t nakita ko ang sanggol na nakatayo roon; ito ay buhay. Ipinapatong ko ang aking kamay sa bagay na ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus.”

<sup>330</sup> Ang sabi, “Uha!” Nagpasimula itong umiyak. Sinaklot ng ina ang sanggol at nagpasimulang humiyaw, at ang mga tao ay nagpasimulang humiyaw mula rito, at hinihimatay ang babae, at mga bagay pa. Sabi ko, “Huwag kayong magsasalita ng anumang bagay tungkol diyan. Magpadala kayo ng isang kinatawan na kasama ang sanggol na iyan—kasama ng ina na iyan, at pumaroon sa doktor na iyon, at palagdain siya ng isang salaysay na ang sanggol na iyan ay patay na. Namatay sa pamamagitan ng pulmoniya noong umaga bago iyan at—o ng umagang iyon sa ganap na ika-siyam.” At mayroong tayong nilagdaang salaysay ng doktor; ang sanggol ay inihayag na wala

ng buhay sa tanggapan ng doktor ng umagang iyon, at ibinalot ito ng ina sa buong maghapon. Ano ba iyon? Isang Batayan!

<sup>331</sup> Ano iyon? Sumampalataya siya na kung ang Diyos ay nakapagbubukas ng bulag na mga mata, bakit, kaya ng Diyos buhayin ang patay; sapagka't Siya rin ang kahapon, ngayon, at magpakailan man! Hindi ko tiyak; hindi ko alam hanggang sa nakita ko. At nang makita ko ang sanggol, ito ay isang Batayan. Tamang-tama ito! Naroon ito. Pinakawalan ng kamatayan ang kaniyang biktima.

<sup>332</sup> Heto naparito ang Anak ng Diyos; ang bubuyog ng kamatayan ay nagpasimulang humiging sa palibot Niya. "Awh, papaano siya magiging isang propeta! Papaano Siya nakakatayo roon at hinahayaang—duraan ang Kaniyang mukha? Papaano Siya nakakatayo roon at hinahayaan silang paglaruan siya na wala man lamang ginagawa tungkol dito! Hindi iyan ang Immanuel! Iyan ay sadyang isang pangkaraniwang tao lamang. Tingnan ang mga naglalaway na lasing mula sa mga nakainom na kawal. Tingnan ang kaniyang mukha na nagdurugo!"

<sup>333</sup> Ang sabi ng diablo, "Kukunin ko siya. Kukunin ko siya." Narito siya'y dumarating na gaya ng isang bubuyog, ang tibo ng kamatayan, humihiging sa palibot Niya. Datapuwa't, kapatid, kapag ang bubuyog na iyon ay ibinaon ang kaniyang pangkagat sa Immanuel na iyon, kapag binunot niya ito, naiwan niya ang kaniyang pangkagat, kamatayan para sa kaniya.

<sup>334</sup> Hindi kataka-taka na sa huli si Pablo ay nakatitingin sa harap nito at nakapagsasabi, "Oh, kamatayan, nasaan ang iyong tibo; libingan, nasaan ang iyong pagtatagumpay? Salamat sa Diyos, na Siyang nagbigay sa atin ng pagtatagumpay." Ang kamatayan ni Cristo ay ang Batayan sa bawa't tao na may pagkatakot dito.

<sup>335</sup> Ang puso ko'y nagsasabing "amen" sa bawat Salita sa Kaniyang Aklat. (Nagtatapos na ako, tiyak sapat na ngayon. Sadyang puputulin ko na ito. Kita n'yo?)

<sup>336</sup> Kung kaya alam ko na ang Banal na Espiritu ang aking Kompas na gumagabay sa akin. Siya ang Isa na nagpapaunawa sa akin na ang Salitang ito ay totoo; Siya ang aking Batayan; Siya ang aking Sikat ng Araw; Siya ang aking Buhay; Siya ang aking Angkla! Kapag ang mga kaguluhan ay nagpasimula, Siya ang aking Tala sa Hilaga. Kapag ako'y nawawala, ang Banal na Espiritu ang aking Kompas na gumagabay sa akin pabalik sa kinalalagyan.

<sup>337</sup> Ang mga denominasyon ay gaya ng ibang mga bituin; sila'y nagpapalipat-lipat kasama ng mundo. Ang ibang mga bituin ay nagpapalipat-lipat habang ang mundo ay nagpapalipat-lipat, datapuwa't ang Tala sa Hilaga ay hindi. Ang mundo ay maaaring magpalipat-lipat kung saan nito gusto, datapuwa't ito'y nananatili. Oh, naku kapatid . . . ? . . . Ang Tala sa Hilaga ay



nakaangkla. Ang iba'y nagpapalipat-lipat; makikita mo sila rito at doon, at kahit saan pa. Iyan ang gawi ng denominasyon na mga iglesya. Datapuwa't si Cristo ay ang Batayan. Siya ang Isa na mapaglalagakan mo ng tiwala. Kapag ang mga denominasyon ay dinala ka sa kaguluhan, sadyang tumingin patungo sa Tala sa Hilaga. Ang Banal na Espiritu ang iyong Kompas.

<sup>338</sup> Siya ay nananatiling tapat sa Kaniyang Salita. Nang sabihin nila sa akin na ang mga bagay na iyon ay hindi magaganap sa makabagong araw na gaya nito, alam ko kung—kung mayroon—kung walang Diyos, kung gayon mabuhay, kumakain, uminom, at magpakasaya. Kung mayroong Diyos, paglingkuran natin Siya. At ako'y nabuhay na makita ang araw na isinagawa Niya ang bawa't bagay, maging ang pagbuhay ng patay nang Siya ay narito sa lupa. At nalalaman natin sa pamamagitan ng dukomentadong mga salaysay na ito ay katotohanan. Oo, ginoo! Siya ang aking Batayan.

<sup>339</sup> Ngayon, Siya'y gawin mong Batayan. Tulad sa—sa panahon ng aking kabagabagan, Siya ang laging Batayan. Masdan ngayon, sa biyaya ng Diyos... (Ngayon, makabubuting magtapos na ako. Ito'y atrasado na. Buweno narito, akala ko ikalabing—isa pa lang; iyon pala ika-12:30 na.)

<sup>340</sup> Mga kaibigan, buong araw, buong gabi, buong taon, at sa buong Kawalang hanggan, ay hindi makapagsasabi hinggil dito. Huwag nang subuking isalarawan pa ito. Hindi mo. Walang paraan upang maisalarawan ito. Sasabihin mo, “Kapatid na Branham, kung—kung ikaw . . .”

<sup>341</sup> Hindi ko alam; pinaniniwalaan ko lamang ito; itinigil ko na ang pagsusumikap kong gumawa ng anumang bagay tungkol dito; pinaniniwalaan ko lamang ito. Iyon lamang. Kita n'yo? “Hindi sa kaniya na tumatakbo, o sa kaniya na nagnanais, kundi sa Diyos na nagpapakita ng awa.” Kita n'yo? Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, ito'y sa pamamagitan ng biyaya. Kita n'yo? Pinaniniwalaan ko lamang ito. Nasa Diyos. . . Nasa Kaniya ang paggawa ng iba pa rito. Paniwalaan lamang ito. Gumawa ng ayon dito.

<sup>342</sup> Ang tanyag na awiting ito, narinig kong tinutugtog nila ito—inaawit ito dito o saan man:

Oh, pag-ibig ng Diyos, napakayaman at dalisay!

Hindi matarok at malakas!

Ito'y mananatili magpasawalang hanggan,

. . . awitin ng mga banal at mga anghel.

<sup>343</sup> Kapag ang isang tao sa matematika ay subuking ipaliwanag ito, o subuking ipakita sa pamamagitan ng kaniyang edukasyon, masisiraan ka ng bait. Hindi mo magagawa ito. Huwag mong subuking gawin ito. Huwag mo nang subuking isa-larawan ito; Ang Diyos ay hindi maisalarawan. Hindi mo maaaring

isalarawan ang Diyos, paniwalaan mo lang ang Diyos. Iyan ang—iyan ang sekreto. Huwag mong isalarawan ito, paniwalaan lamang ito. Hindi ko maipaliliwanag sa ‘yo kung ano ang ibig nitong sabihin; hindi ko maipaliliwanag sa ‘yo kung papaano gagawin ito. Alam ko lamang, pinaniniwalaan ko lamang ito; iyan lang.

<sup>344</sup> Sadyang gaya ng, may bagay na ipinangako ka sa isang munting bata, pinaniwalaan niya ito. Kailangang tuparin mo ang iyong salita. Ikaw ay batang anak ng Diyos. Tinutupad Niya ang Kaniyang Salita; sadyang paniwalaan lang Ito. Huwag kang mayanig; sadyang manatili ka lamang doon. Minsan na itong ginawa ng Diyos, kailangang gawin Niya itong muli. Kung hindi Niya gagawin, sasabihin Niya sa ‘yo kung bakit hindi Niya magagawa ito. At iya’y tama. Ngayon, sadyang manatili lamang kasama nito.

<sup>345</sup> Alam n’yo, ang isang talatang iyan na naroon . . . naniniwala ako sa ating minamahal na kapatid diyan (na binautismuhan noong isang gabi) na umawit ng awitin na iyon, *Oh, Pag-ibig ng Diyos*. Sinabi nila sa akin na ang talatang iyon, ang bahagi nito, ay natagpuang nakasulat sa isang pader ng isang institusyon ng mga baliw, nang sinabi nitong:

Kung ang karagatan man ay punuin natin ng tinta,  
O ang mga kalawakan ay ginawang sulatan;  
At ang bawat tangkay sa lupa ay maging pakpak na panulat,  
At ang bawat tao ay manunulat ang trabaho.  
Ang isulat ang pag-ibig ng Diyos sa kaitasaan  
Ay matutuyo ang karagatan,  
O maisusulat ang kabuuhan nito sa balumbon ng mga aklat,  
Bagama’t ito’y mabanat mula sa magkabilang dulo ng kalawakan.

<sup>346</sup> Isipin nga ito, kung saan tatlo sa apat na bahagi ng mundo ay tubig. At masdan ang hydrogen, at ang oxygen na nasa hangin, ang kahalumigmigan at mga bagay. Kita n’yo? Kung ang bawat halumigmig ay tinta; at isipin mo ang bilyun-bilyon, at trilyon, at trilyon ng mga tangkay na magiging mga panulat. At isipin ang bilyong mga tao na narito sa lupa, at ang bawat isa sa kanila ang hanap-buhay ay manunulat. Ang itubog ang kanilang mga panulat sa karagatan at subuking isalarawan ang pag-ibig ng Diyos ay matutuyo’t mauubos ang karagatan; o maisusulat nito ang kabuuhan sa balumbon ng mga aklat, bagama’t ito’y mabanat mula sa magkabilang dulo ng Walang Hanggan patungo sa Walang Hanggang.

<sup>347</sup> Huwag isalarawan ito; hindi mo ito. Mababaliw ka kung susubukang isalarawan ito; sampalatayanan lamang ito. Gawin

mo Siyang Batayan! Manatili roon; ang matamis na kapayapaan at ang karanasan na hindi mo malilimutan, diyan ka dumaong, at ang iyong Angkla ay kakapit sa loob ng tabing. Iyuko natin ang ating mga ulo.

<sup>348</sup> Napaka dakila Mo! Napaka dakila Mo! Ilan ba rito ang mga ulo na nakayuko sa umagang ito... Papalapit na sa Bagong Taon ngayon; at ikaw ay naging napaka relihiyoso (at mabuti iyan, minamahalaga ko 'yan, ang bawat isa sa inyo. Tiyak kong gayon din ang Diyos), datapuwa't wala ka pa ng Batayang iyan na karanasan, bagay na ikaw ay sadyang hindi pakunwaring naniniwala lamang, sadyang hindi mo iniisip lamang, datapuwa't may bagay na nagsalita pabalik sa 'yo. At pagkatapos nakita mo ang pagbabago sa 'yong buhay mula sa panahong iyon, at bawa't salita ng Diyos, bawat pangako ay binabantasan ng "Amen." Kung gayon nanghahawakan ka sa Batayan, 'pagkat natatandaan mo ba, sabi Niya, "Langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang Aking Salita ay hindi mabibigo." Wala ka pa sa lugar na yaon kung saan ay masasabi mong "Amen" sa bawat Salita, kung ito'y laban sa 'yong kredo, ay laban sa 'yong denominasyon; datapuwa't nais mong makaparoon sa lugar na gaya ni Moises, gaya ng iba pa sa kanila (hindi nila ito magagawa hanggang sa mahuli nila ang Batayan na iyan), at nais mo nito sa iyong buhay ngayong umaga, maaari mo bang patunayan ito sa pamamagitan ng pagtaas ng iyong mga kamay sa Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Mabuti, ginoo. Ang lahat dito sa gusali.

<sup>349</sup> Mapagbiyayang Ama, alam ko na minsan kailangan naming lumisan. Mayroong isang panahon kung saan iiwan namin ang daigdig na ito. Hindi po namin alam kung anong panahon iyon, at ito'y wala naman gaanong pinagkaibahan. Kung ang aming panahon ay tapos na, kung gayon nais naming pumaroon. Ang layunin ng aming pananatili rito ay paglingkuran Ka.

<sup>350</sup> At mula sa daan ng pagkapahamak isang araw, gaya ni Pablo na nasa daan patungong Damasco upang pinsalain ang Iglesia, isang Liwanag ang bumulag sa kaniya. At oh, Diyos, ang Liwanag na iyon ay sumunod sa kanya, sapagka't Ito ay si Cristo. At umangkla siya roon sa isang Batayan na maging kamatayan man sa sarili, maaari siyang tumawa sa harapan nito, at sabihing, "Salamat sa Diyos, na Siyang nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ni Jesus Cristo."

<sup>351</sup> Ikaw ay naging isang ganap na Batayan sa Apostol na iyon. Siya ang... Ikaw ang Amen sa kaniya, sa bawat pangungusap. Ikaw ang Bituin ng kaniyang buhay, ang haliging Gabay. Ikaw ang Kompas na gumabay sa kaniya sa bagyo. Ikaw ang Kapahayagan; Ikaw ang Pangitain; Ikaw ang kaniyang mga Pag-asa, ang kaniyang Kaligtasan. At maging sa oras ng kamatayan, nang malaman niyang siya'y patungo roon, Ikaw pa rin ang kaniyang Batayan.

<sup>352</sup> Ikaw ang Batayan ni Daniel. Ikaw ang Batayan ng lahat ng mga propeta. Sa gitna ng pagkakaiba ng denominasyon, at sa kaguluhan sa kanilang mga araw, at ang mga Fariseo at mga Saduceo, gayon man mayroon pa ring mga kalalakihan na kinuha Ka bilang kanilang Batayan.

<sup>353</sup> At ngayon, Panginoon, ang mga kalalakihan at mga kababaihan na nakikiramay, may pag-ibig, at—at ang mga puso na nagdurugo, Panginoon, para sa isang tunay na karanasan sa pagkilala sa Diyos, at upang magkaroon ng isang—isang katiyakan sa isang batayan marahil ang nalalaman ng lahat ng tao noon, Panginoon, ay ang sumapi sa iglesya. At napagtanto namin, habang sinusubukan ko na may katapatan, na hindi upang maging iba (Alam Mo ang aking puso), datapuwa't sabihin sa kanila na hindi sila maaaring sumapi sa Iglesya, sumapi kayo sa isang tirahan, ang Metodista, at Baptist, at Katoliko, at mga tirahang Pentekostal; datapuwa't kayo'y ipanganak sa Iglesya, ang makalangit na Katawan ni Cristo, at maging bahagi ng Kaniyang Katawan, na may mga kaloob ng Espiritu upang gawin ang Kaniyang dakilang Katawan sa pagkilos at kapangyarihan.

<sup>354</sup> Diyos, iyan ang ibig sabihin ng mga kamay na ito ngayong umaga nang kanilang itinaas. “Ilagay ako, oh, Panginoon. Kunin ako, anyuhan ako, gawin ako; sadyang gawin ang aking kalagayan sa buhay na isang Batayan, na nakabigkis kay Cristo, na wala ng iisipin pang iba kundi ang Batayan na yaon.” Ipagkaloob ito, Panginoon. Pagpalain sila. Pagalingin ang may karamdaman at ang nahahapis. Iligtas ang nangawawala.

<sup>355</sup> Ngayon, Panginoon, nalalaman namin kinaugaliang tawagin sa harapan ang mga tao, datapuwa't iyan ay naging isang tradisyon sa amin. At sa umagang ito ang mga altar ay puno at ang—ang munting mga bata at—at lahat. . . Datapuwa't, Panginoon, kahit papano Ika'y nangusap sa kanila; itinaas nila ang kanilang mga kamay. Gumawa sila— gumawa sila, gaya ng isang desisyon. Ibig nilang, sila-sila-sila'y nagnanais ng bagay na tunay; at inihahandog ko ang aking panalangin para sa kanila. Mangyari nawa ito sa bawat isa, Panginoon.

<sup>356</sup> Sumaamin ka nawa ngayon, patawarin ang aming kasalanan, pagalingin ang aming karamdaman, at ipagkaloob sa amin ang pagpapalaya na aming kailangan.

At, Panginoon, higit sa lahat, huwag nawa naming malimutan na sa araw na ito kami ay naibigkis sa Batayan— ang aming Tala sa Hilaga—sa Kalbaryo—kay Cristo, at ang Banal na Espiritu ay tangan ang Salita ng Diyos at pinapangyari ito na maganap sa amin sa pamamagitan ng pagpapagaling sa may karamdaman, ipinakikita sa amin ang mga pangitain, ibinabangon ang patay, at sadyang ginagawa ang naipangako Niyang gawin.

<sup>357</sup> At nawa ang iglesyang ito at ang mga taong ito, na bahagi ng Katawan ni Cristo na nagtitipon dito ngayong umaga, ay mamuhay gaya ng ng sinabi ni Jesus na pamumuhay: “Kayo ang asin ng sanlibutan.” At nawa’t maging maalat sila, hanggang sa ang kanilang komunidad ay mauhaw. Ang asin ay nakapagpapauhaw, at makapagliligtas lamang ang asin hangga’t ito’y nakikitungo. At idinadalangin ko, Diyos, na papangyarihin Mo ito sa mga tao, upang sila’y maging mga mapagakay din ng mga kaluluwa.

<sup>358</sup> Pagpalain ang aming pastor, ang Kapatid na Neville, ang mapagpakumbabang alipin na ito, Panginoon, na nakatayo sa kaniyang kinalalagyang tungkulin sadyang kagalang-galang, bilang isang bahagi ng Katawan ni Cristo, nagsusumikap na gawin ang pinaka mabuti upang sundin ang lahat ng bagay na ipinagagawa Mo sa kaniya.

<sup>359</sup> Pagpalain ang mga katiwala, ang mga kalalakihan na tumayong kasama ko na magigiliw dito sa dakila, madilim na panahon na pinagdaanan namin. Tumindig na kasama ng Iglesya, na nagsidalangin na kasama ko at tumindig na kasama ko sa mga panahon ng kaguluhan. Panginoon, mahal ko sila, at iniaalay ko ang aking panalangin na sila’y tumingin sa Iyo, Panginoon. Nawa ay huwag silang tumingin sa may kamatayang putik ng isang alipin; nawa’y sila’y tumingin sa Kaniya, Siya na Makapangyarihan, Siya na . . . At alam namin, Panginoon, na kami ay may hangganan. Kahit na sino pa kami, ay may kamatayan pa rin kami. Datapuwa’t hindi ang mensahero, kundi ang Mensahe. Ipagkaloob ito, Panginoon. Kung kaya itinuturo namin kay Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. Ipagkaloob na Siya’y maging tunay sa bawat isa rito ngayon, maging sa mga batang paslit, na Siya ang maging Batayan ng buong kapulungan. Hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya,  
Sapagka’t una Niya akong minahal,  
At binili ang aking kaligtasan  
Sa puno ng kalbaryo.

<sup>360</sup> Ngayon, habang muli nating inaawit ito, makipagkamay kayo sa kanino mang nasa harap ninyo, sa likuran ninyo, sa tabi ninyo; sadyang makipag-kamay ang lahat ngayon. Manatiling nakaupo; sadyang umikot at makipag-kamay kung magagawa ninyo. Kita n’yo?

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya  
Sapagka’t una Niya akong minahal,  
At binili ang aking kaligtasan  
Sa puno ng kalbaryo.

<sup>361</sup> Inanuns’yo lamang nila ang Komunyon sa Lunes ng gabi sa hatinggabi. Itaas natin ang ating mga kamay ngayon at umawit sa Kaniya. Ilan ba—ilan ba ang nakakaramdam na

ikaw—Siya ang iyong Batayan? Ang Salita—Siya ang Salita. Sinampalatayanan n'yo ba iyan? Siya ang Salita, at ang Banal na Espiritu ang pumukaw sa Salita na iyan upang gawin ang Ilaw na iyan na manahan sa inyo, ng Salita, ang patunay ng Salita. Inilagay ang Salita sa inyong puso; hayaang ang Banal na Espiritu na pumasok, at masdan ang kilos ng Salita. Sumampalataya, magpakababa; huwag nasaing maging kilala; maging mapagpakumbaba, upang ang Diyos ay magawa kang isang kinikilala. Kita n'yo? Mabuti. Gawin iyan ngayon.

<sup>362</sup> Lahat ng umiibig sa Kaniya ay magsabi ng, “Amen!” [Sumagot ang kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Alam n'yo ba ang ibig sabihin ng salitang *Amen*? “Siya nawa.” Amen! Iya'y tama.

Sabihin nating, “Aleluyah!” [Sumagot ang kongregasyon, “Aleluyah!”—Pat.] Alam n'yo ba ang ibig sabihin niyan? “Purihin ang ating Diyos!”

<sup>363</sup> Nang ako ay nasa Germany hindi pa katagalan, nakatayo ako sa harapan ng mga tatlumpu o apatnapung libong katao roon ng araw na yaon, at sinabi ko, “Ito'y kakatwang bagay na kayong mga German ay hindi makaunawa.” Sabi ko, “Sa daan ko patungo rito ngayon, isang aso ang kumahol sa akin sa wikang Ingles. Iya'y tama.” Sabi ko, “Siya'y walang anumang problema. At mayroon ding isang ibon doon, at umawit siya sa akin sa wikang Ingles. Pumaroon ako sa kalsada, at isang ina na may munting sanggol sa kaniyang kamay, nang ako ay naroon sa likod.” At sabi ko, “Ang sanggol na iyon ay umiyak sa wikang Ingles. Ano bang nagyari sa inyong mga tao?” Iya'y tama. Oh, kung sadyang titingin lamang kayo sa palibot, Siya ay kahit saan, hindi ba Siya? Tiyak naroon Siya.

<sup>364</sup> Ngayon, itaas lamang natin ang ating mga kamay, at ipikit ang ating mga mata, at umawit, habang hinihiling natin sa pastor na pumarito sa pagtatapos. Tumayo muna tayo. Ang lahat tumayo. Ang lahat, mahal n'yo ba Siya, muli ngayon? Sabihing, “Amen!” At alam n'yo, ang salitang *Aleluyah* ay gayudin sa bawat wika? Pumaroon ka sa mga kagubatan ng taong gubat sa Africa; ang *Aleluyah* ay gayunding salita. Aleluyah! Halos iyan lagi ang pagbating Cristiyano, hindi ba ito? Aleluyah! Ang ibig sabihin ng salita ay “purihin ang ating Diyos.” At Siya'y karapat-dapat nito, hindi ba gayon Siya? Siya ay ganap kong Tagapagligtas; Siya'y ganap na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, para sa akin. Tiyak na Siya ring ang kahapon, ngayon, at magpakailan man para sa akin. Gayon din ba Siya sa 'yo?

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya  
Sapagka't una Niya akong minahal,  
At binili ang aking kaligtasan  
Sa puno ng kalbaryo.



*ANG BATAYAN* TAG62-1230M  
(Absolute)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 30, 1962, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1998 ng:

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)